

**IKA-22 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHOON**
Salteryo: Linggo 2 / (Luntian)

Salmo 145:8-9, 10-11, 12-13ab, 13kd-14
*Mat'wid ang Poong dakila
sa lahat ng kanyang gawa.*



Martes
01 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: 1 Corinto 2:10b-16

Sapagkat sinusuri ng espiritu ang lahat, kahit na ang mga kalaliman ng Diyos.

At sino ba ang nakaalam sa mga bagay na nasa tao bukod sa espiritu ng tao na nasa kanya? Kaya rin nga sa mga bagay ng Diyos ay walang nakaalam bukod sa espiritu ng Diyos. At tayo, hindi ang espiritu ng mundo ang ating tinanggap kundi ang espiritong mula sa Diyos, at sa gayon natin nauunawaan ang mga ipinagkaloob sa atin ng Diyos.

Sinasabi namin ito, hindi sa mga salita at karunungan itinuro ng tao, kundi sa mga salitang itinuro ng espiritu: sinasalita namin nang espirituwal ang mga bagay na espirituwal. Hindi tinatanggap ng taong makalupa ang nauukol sa espiritu ng Diyos; kalokohan talaga para sa kanya ang mga ito. At hindi niya nauunawaan ang mga ito, dahil sa hinuhusgahan lamang ito nang espirituwal. Nakapaghuusga naman sa lahat ang taong espirituwal at hindi siya mahuhusgahan ninuman. *Sino ba talaga ang nakaalam sa isip ng Panginoon upang siya ay turuan?* Ngunit taglay naman natin ang isip ni Kristo.

Ebanghelyo: Lucas 4:31-37

Bumaba siya sa Capernaum na isang bayan ng Galilea, kung saan niya nakaugaliang magturo tuwing Araw ng Pahinga. At nagulat ang mga tao sa kanyang aral dahil nagtuturo siya nang may kapangyarihan.

May isang tao sa sinagoga na inaalihan ng maruming demonyo, na sumigaw nang malakas: "Ah, ano ang pakialam mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Para ipahamak kami kaya ka dumating. Alam ko kung sino ka, ang Banal ng Diyos!" Ipinag-utos naman sa kanya ni Jesus: "Tumahimik ka at lumabas sa kanya!" Pagkatapos ibulagta ng demonyo ang tao sa gitna nila, lumabas ito mula sa kanya nang hindi sinasaktan. Nagtaka ang lahat at nag-usap-usap sila: "Ano ito? Nakapag-utos siya sa maruruming espiritu nang may kapangyarihan at lakas, at lumalabas sila!" Kayat kumalat ang usap-usapan tungkol sa kanya sa lahat ng lugar sa kabayanan.

Pagmamasisid

Nakakita na ba kayo ng taong inaalihan ng demonyo? Paano pinaalis ang demonyo sa kanya?

Paghahawi

Pinalayas ni Jesus ang demonyo sa taong inalihan nito. Nagtaka ang lahat at nag-usap-usap sila: "Ano ito? Nakapag-utos siya sa maruruming espiritu nang may kapangyarihan at lakas, at lumalabas sila!"

Pagtatabas

May kilala ka bang kayang magpaalis ng demonyo na hindi nasasaktan ang taong inalihan nito?

Pagsasaayos

Sa ating Diyosis, may inatasan na pari ang Obispo at nagsanay sa pagpapalis ng demonyo sa isang tao. Exorcist ang tawag sa kanila. Sumusunod at takot ang demonyo kay Jesus. Kaya lagi sa pangalan ni Jesus, pinalalayas ang maruming espiritu sa isang tao.

Iwasan o huwag pumayag na maalihan ng demonyo, sa pamamagitan ng panalangin at pagsikap na gumawa ng kabutihan araw-araw. Ipagdasal natin ang kakilalang sinasapian ng maruming espiritu.

Pagdiriwang

Ama, samahan Niyo kami lagi, upang mapalayo sa masamang espiritu at kapahamakan



Unang Pagbasa: 1 Corinto 3:1-9

Ebanghelyo: Lucas 4:38-44

Pag-alis niya sa sinagoga, nagpunta si Jesus sa bahay ni Simon. Inaapoy ng lagnat ang biyenang babae ni Simon. Kayat pinakiusapan nila si Jesus tungkol sa kanya. Pagkayuko ni Jesus sa kanya, inutusan ni Jesus ang lagnat at nilisan siya nito. Kaagad siyang tumindig para maglingkod sa kanila.

Paglubog ng araw, dinala naman kay Jesus ng lahat ng tao ang kasama nilang mga may sakit ng iba't ibang karamdaman. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa bawat isa sa kanila at pinagaling sila. Lumabas ang mga demonyo mula sa maraming tao at pasigaw na sinabi ng mga ito: "Ikaw ang Anak ng Diyos!" Ngunit pinatatahimik niya sila at di pinahihintulatang magsalita dahil alam ng mga ito na siya ang Mesiyas.

Nang mag-uumaga na, lumabas si Jesus at pumunta sa isang ilang na lugar. Ngunit pinaghahanap siya ng maraming tao, at nang matagpuan siya'y sinikap nilang hadlangan na makaalis pa siya sa kanila. Pero sinabi niya sa kanila: "Dapat ko ring ipahayag ang mabuting balita ng paghahari ng Diyos sa iba pang mga bayan; ito ang dahilan kung bakit ako isinugo." At nagpatuloy siyang mangaral sa mga sinagoga ng Judea.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Leonides T. Laguilles

Pagmamasisid

Paano ko ginugugol ang aking oras sa bawat araw? Nasusunod ba ito sa halimbawa ni Hesus na may layunin at pakinabang para sa iba?

Paghahawi

Pag-alis ni Hesus sa sinagoga, tumuloy siya sa bahay ni Simon at pinagaling ang biyenang nito. Paglubog ng araw, dinala ng mga tao ang mga may sakit sa kanya, at kinaumagahan, lumabas Siya upang manalangin sa ilang.

Pagtatabas

Paano ko maisasabuhay ang halimbawa ni Hesus upang maging makabuluhan ang bawat araw ko?

Pagsasaayos

Madalas nasasayang ang ating oras sa mga bagay na walang tunay na kabuluhan. Nauubos ito sa pag-scroll sa social media, panonood ng mga k-drama, at paglalagi sa Facebook—na nagdudulot ng kakulangan sa personal na pag-unlad at pananampalataya.

Sa Ebanghelyo, ipinakita sa atin ni Hesus ang isang mabuting halimbawa ng pamumuhay na nakatuon sa paglilingkod at pagpapagaling—sa paggawa ng mabuti. Hindi niya sinayang ang kanyang panahon; sa halip, inalay niya ito sa pagtupad ng kalooban ng Ama.

Paanyaya ito sa atin upang pag-isipan kung paano natin ginagamit ang ating oras. Sikapin nating ubusin ang maghapon sa mga gawaing nagbibigay buhay—sa paglilingkod, panalangin, at pagmamahal sa kapwa.

Pagdiriwang

Ama, gamitin nawa naming ang aming oras sa paggawa ng Mabuti.

IKA-28 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 2 / (Puti)

Dakilang Papa San Gregorio

Salmo 24:1bk-2, 3-4ab, 5-6

*Ang daigdig, lahat doon,
ang may-ari ating Poon.*



Huwebes
03 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: 1 Corinto 3:18-23*

Huwag mandaya sa sarili ang sinuman. Kung may kinikilalang marunong sa inyo, sa mundong ito, maging tanga nawa siya upang siya'y maging marunong. Sapagkat ang karunungan ng mundong ito ay kata-ngahan para sa Diyos. Naisulat nga na: Huli ng Diyos ang marurunong sa kanilang katusuhan. At muling naisulat na: *Alam ng Panginoon ang mga isip ng marurunong, walang saysay ang mga ito. (...)*

Ebanghelyo: Lucas 5:1-11

Minsan, dinagsa si Jesus ng napaka-raming taong nakikinig sa salita ng Diyos at nakatayo naman siya sa baybayin ng Lawa ng Genesaret. Nakita niya noon ang dalawang bangka sa baybay. Kabababa pa lamang ng mga mangingisda mula sa mga ito para hugasan ang mga lambat. Kaya sumakay siya sa isa rito na pag-aari ni Simon at hiniling dito na lumayo nang kaunti mula sa dalampasigan. Umupo siya at mula sa bangka'y sinimulang turuan ang maraming tao.

Matapos siyang magsalita, sinabi niya kay Simon: "Pumalaot ka at ihulog ninyo ang inyong mga lambat para humuli." Ngunit sumagot si Simon: "Guro, buong magdamag kaming nagpagod at wala kaming nakuha pero dahil sinabi mo, ihuhulog ko ang mga lambat." At nang gawin nila ito, nakahuli sila ng napakaraming isda kaya halos magkandasira ang kanilang mga lambat. Kaya kinawayan nila ang kanilang mga kasamahang nasa kabilang bangka para lumapit at tulungan sila. Dumating nga ang mga ito at pinuno nila ang dalawang bangka hanggang halos lumubog ang mga iyon.

Nang makita ito ni Simon Pedro, nagpa-tirapa siya sa harap ni Jesus at sinabi: "Lumayo ka sa akin, Panginoon, sapagkat taong makasalanang lamang ako." Talaga ngang nasindak siya at ang lahat niyang kasama dahil sa huli ng mga isda na nakuha nila. Gayundin naman ang mga anak ni Zebedeo na sina Jaime at Juan na mga kasama ni Simon.

Ngunit sinabi ni Jesus kay Simon: "Huwag kang matakot; mula ngayong mga tao ang huhulihin mo." Kayat nang madala na nila ang mga bangka sa lupa, iniwan nila ang lahat at sumunod sa kanya.

Pagmamasiid

Nakakatanggap tayo ng biyaya, tulad nang kawalan ng takot, kung ang Diyos ang kumikilos sa ating paglalakbay sa mundo.

Paghahawi

Sinabi ni Jesus kay Simon: "Huwag kang matakot; mula ngayon, mga tao ang huhulihin mo." Kaya't nang madala na nila ang mga bangka sa lupa, iniwan nila ang lahat at sumunod sa Kanya.

Pagtatabas

May lakas ng loob ba akong sa sumunod kay Jesus ano man ang kapalit nito?

Pagsasaayos

Nagbibigay ng tapang ang salita ni Jesus, ang makapangyarihang Diyos Anak, na huwag matakot gawin ang misyong bigay sa atin ng Ama. Ang malakas na tiwala at malalim na pananalig kay Jesus, ang mag-uudyok nang dagliang pagsunod sa Kanya.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming masunod ang mga Utos at kalooban Niyo.



Unang Pagbasa: 1 Corinto 4:1-5

Kaya ituring nawa kaming mga katulong ni Kristo at mga katiwala ng mga misteryo ng Diyos. Kung saan may katiwala, hihingin sa kanila na mapagkatiwalaan. Gayunman, hindi ko binibigyang-halaga ang paghusga ninyo sa akin o ang paghusga ng anumang hukuman. Ni hindi ko nga hinuhusgahan ang aking sarili. Hindi ako isinasakdal ng aking budhi pero hindi ito ang nagbibigay katwiran sa akin. Ang Panginoon ang humahatol sa akin.

Kaya huwag kayong humatol nang wala sa panahon, hanggat hindi pa dumarating ang Panginoon. Ibubunyag niya ang mga lihim na nasa dilim. At ang mga layuning nasa puso. At papupurihan ng Diyos ang bawat isa.

Ebanghelyo: Lucas 5:33-39

Sinabi nila kay Jesus: “Madalas mag-ayuno at may mga panalangin ang mga alagad ni Juan, at gayon din naman ang mga alagad ng mga Pariseo; kumakain naman at umiinom ang mga iyo.” Kaya sinabi sa kanila ni Jesus: “Hindi ninyo mapag-aayuno ang mga abay sa kasalan habang kasama pa nila ang nobyo, di ba? Ngunit darating ang panahon na aagawin sa kanila ang nobyo at sa araw na iyon sila mag-aayuno.”

Sinabi pa ni Jesus sa kanila ang isang talinhaga: “Walang pumuputol ng panagpi mula sa bagong damit at itinatagpi sa lumang damit. Kung hindi'y napupunit na ang bago at hindi pa magiging bagay sa lumang damit ang tagging mula sa bago. At wala ring naglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung hindi'y sisirain ng bagong alak ang mga lumang sisidlan kaya matatapon ang alak at masisira pati mga sisidlan. Sa halip ay sa mga bagong sisidlan dapat ilagay ang bagong alak. Hindi naman humihingi ng bagong alak ang umiinom ng luma, sinasabi nga niya: ‘Ang luma ang siyang mabuti’.

Pagmamasisid

Ano ang mga lumang nakasanayan o gawi ko sa aking buhay na humahadlang sa pag-usad ng aking pananampalataya?

Paghahawi

Sa Ebanghelyo, tinanong si Hesus kung bakit hindi nag-aayuno ang kanyang mga alagad tulad ng mga alagad ni Juan. Ipinahayag ni Jesus na habang naroroon pa ang “kasintahang lalaki” (si Hesus mismo), panahon ito ng kagalakan, hindi ng pagdadalamhati. Sa pagtatapos, ginamit niya ang talinghaga ng bagong alak at lumang sisidlan—isang paanyaya sa pagbabago ng pananaw, puso, at pamumuhay.

Pagtatabas

Handa ba akong maging “bagong sisidlan” na kayang tumanggap ng bagong alak ng Espiritu ng Diyos? O nananatili ba ako sa kalumaan na hindi na umaangkop sa biyayang ibinubuhos ng Panginoon?

Pagsasaayos

Kadalasan, ayaw nating talikuran ang nakasanayan—mga lumang gawi, pananaw, o estilo ng pamumuhay. Ngunit isang paanyaya ang pananampalataya sa pagiging bukas sa bago: bagong biyaya, bagong panawagan, bagong paraan ng pagiging Kristiyano.

Pagdiriwang

Panginoon, turuan Mo akong maging bukas sa bago, sa biyayang nais Mong ibuhos sa aking puso. Palitan Mo ang aking lumang gawi ng buhay na mas nakatuon sa Iyo.

Gawin Mo akong bagong sisidlan na kayang tanggapin ang bagong alak ng pag-ibig, pananampalataya, at paglilingkod. Amen.

IKa-22 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 2 / (Luntian/Puti)

*Mahal na Birheng Maria /
Santa Teresa ng Calcutta*

Salmo 145:17-18, 19-20, 21

*Sa tumatawag sa Poon,
ang D'yos ay handang tumulong.*



Sabado
05 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: 1 Corinto 4:6b-15

Matuto kayo sa ating kalagayan na huwag magyabang sa isa't isa. Ano talaga ang nagtatangi sa iyo? At anong mayroon ka na hindi mo tinanggap? At kung tinanggap mo ito, bakit ka nagyayabang na parang hindi ito tinanggap?

Ngayo'y punung-puno na kayo! Ngayo'y mayaman na kayo! Naghari kayo nang wala kami! At harinawa'y maghari kayo upang maghari rin kaming kasama ninyo.

Pagkat sa palagay ko'y inilagay ng Diyos kaming mga apostol na pinakahuli sa lahat, na parang mga bibitayin at naging palabas para sa mundo, sa mga anghel at mga tao.

Mga tanga kami dahil kay Kristo, pero kayo ay maalam kay Kristo. Mahina kami, pero kayo ay malakas. Kayo'y iginagalang, pero kami ay binabastos. Hanggang sa oras na ito, nagugutom kami at nauuhaw; wala kaming maisuot, nabubugbog, at gumagala. Nagpapakapagod kami at nagtatrabahong gamit ang mga kamay. Inaalipusta kami at nagsasalita naman kami nang maayos; inuusig kami at kami nama'y nagtitiis. Kapag sinisiraan, kami'y nakikipagayos. Para nga kaming naging basura ng mundo, ang pinaglinisan ng lahat hanggang sa ngayon.

Hindi ko isinusulat ang mga ito para hiyain kayo, pero upang pagsabihan kayong mga mahal kong anak. Pagkat kahiman sampunglibo ang umaakay sa inyo kay Kristo, hindi naman marami ang ama. At ako ang nagsilang sa inyo kay Kristo Jesus sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Ebanghelyo: Lucas 6:1-5

Isang Araw ng Pahinga, naglalakad si Jesus sa bukirin ng trigo. Nangyari na hinimay ng kanyang mga alagad ang mga butil sa pagkiskis sa kanilang mga kamay, at kinain ang mga ito.

Sinabi ng ilang Pariseo: "Bakit ninyo ginagawa ang ipinagbabawal sa Araw ng Pahinga?" Ngunit nagsalita si Jesus at sinabi niya sa kanila: "Hindi ba ninyo nabasa ang ginawa ni David nang magutom siya at ang kanyang mga kasama? Pumasok siya sa Bahay ng Diyos, kinuha ang tinapay na inihain para sa Diyos, kinain ito at binigyan pa ang kanyang mga kasamahan, gayong bawal itong kainin ninuman liban sa mga pari." At sinabi pa niya sa kanila: "Panginoon ng Araw ng Pahinga ang Anak ng Tao."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Eric B. Estrada, ESHT

Pagmamasiid

Ano ang mas matimbang sa atin: pagsunod sa batas, o pagmalasakit sa kapwa?

Pagbahawi

Isang Araw ng Pahinga, hinimay ng mga alagad ni Jesus ang mga butil ng trigo, at kinain ito. Tanong ng ilang Pariseo: "Bakit ninyo ginagawa ang ipinagbabawal sa Araw ng Pahinga?"

Sagot ni Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa na kinain ni David, nang magutom siya at kanyang mga kasama, ang tinapay na inihain para sa Diyos? Binigyan niya ang kanyang mga kasamahan, gayong bawal itong kainin liban sa mga pari." Dagdag ni Jesus: "Panginoon ng Araw ng Pahinga, ang Anak ng Tao."

Pagtatabas

Ang malasakit at pag-unawa sa gutom ng iba, higit bang mahalaga kaysa pagsunod sa tuntunin?

Pagsasaayos

Ang malasakit at paggawa nina David at Jesus, upang hindi magutom ang mga kasama, hindi itinuturing paglabag, dahil sa pangangailangan nila. Ang awa at pagkamahabagin, higit na mahalaga kaysa mahigpit na pagsunod sa tuntunin. Sinabi ni Jesus, Anak ng Tao at Panginoon ng Araw ng Pahinga, may karapatan Siyang baguhin ang tuntunin para sa kapakanan ng mga tao.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming isaalang-alang ang kapakanan ng mga kapwa, para sa ikabubuti nila.



*Kapag narinig ninyo ang kaniyang tawag,
huwag kayong sumuway.*

Gayon din ginawa kita, anak ng tao, bilang bantay para sa Israel. Kapag narinig mo ang aking salita, ihatid mo sa kanila ang aking babala. Kapag sinabi ko sa tampalasan, 'Tiyak na mamamatay ka,' at hindi mo siya binigyang-babala upang magbagong-landas, mamamatay siya dahil sa kanyang pagkakasala, ngunit papananagutin din kita sa kanyang kamatayan. Kapag binigyang-babala mo naman ang tampalasan upang magbago ng landas at hindi siya nakinig, mamamatay siya dahil sa kanyang kasalanan, ngunit maliliqtas ka.


Huwag kayong magkautang kaninuman, liban sa pagmamahalan ng isa't isa. Tumutupad sa Batas ang nagmamahal sa kapwa. *Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.* Nasa salitang ito ang buod ng mga kautusan: *Huwag kang makiapid, huwag kang papatay, huwag kang magnakaw, huwag kang magnasa,* at ng iba pa. Hindi na nagkakasala sa kapwa ang may pagmamahal sa kapwa, kaya pagmamahal ang kaganapan ng Batas.

Ebanghelyo: Mateo 18:15-20

Kung nagkasala sa iyo ang iyong kapatid, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan; at kung makinig siya sa iyo, tinubo mo na ang iyong kapatid. Kung hindi naman siya makinig sa iyo, magsama ka ng dalawa o tatlo para *lutasin ang kaso sa pagsaksi ng dalawa o tatlo*. Kung tatanggi siyang makinig sa kanila, sabihin ito sa Iglesya; at kung hindi pa rin siya makikinig sa Iglesya, ituring siyang pagano o publikano.

Talagang sinasabi ko sa inyo: ang talian ninyo sa lupa ay matatali rin sa Langit, at ang kalagan ninyo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit.

Sinasabi ko rin sa inyo: kung dito sa lupa ay may dalawa sa inyo na nagkakaisang humihingi ng anuman, gagawin ito para sa kanila ng aking Amang nasa Langit. Sapagkat kung saan may dalawa o tatlong nagkakatiyon sa Ngalan ko, kapiling nila ako."



"Kung nagkasala sa iyo ang iyong kapatid, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan."

Pagmamaisid

Bakit may sakramento ng pagbabalik-loob? Sino ang inaanyayahan na tumanggap nito?

Paghahawi

Pahayag ni Jesus: "...ang talian ninyo sa lupa, matatali rin sa Langit, at ang kalagan ninyo dito sa lupa, kakalagan din sa Langit".

Pagtatabas

Gaano ako kadalas lumalapit sa sa sakramento ng pagbabalik-loob?

Pagsasaayos

Mahalaga ang pagsisikap, para sa pakikipagkasundo at pagpapatawad na nangangailangan ng pagtitiyaga, pagpapakumbaba, at pag-ibig. Ang paglutas ng mga alitan, makabubuti sa mga relasyon dito sa lupa, at sa ating espirituwal na paglago at kaligtasan. Ang pagiging handang makipag-usap, makinig, at magpatawad, mahalaga sa pagbuo ng isang mapayapang komunidad at maligayang buhay.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kami sa aming espirituwal na paglalakbay, tungo sa pagpapatawad at pakikipagsundo. Bigyan Niyo kami ng pusong handang magpatawad at humingi ng tawad.

Lunes
SETYEMBRE

07



**IKA-23 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Salmo 5:5-6, 7, 12
*Poon, ako'y pangunahan
nang landas mo'y aking sundan.*

Unang Pagbasa: 1 Corinto 5:1-8

Bantog ang kahalayang nasa inyo, at anong kahalayan! Walang ganito kahit sa mga pagano – na kinakasama ng isang tao ang asawa ng kanyang ama. At ang yayabang pa ninyo! Hindi ba't dapat kayong magluksa at itiwag ang gumagawa ng bagay na ito? Ako, kahit na wala ako riyon sa katawan, ay nariyan pa rin sa espiritu. Hinahatulan ko na parang nariyan ako, ang gumawa ng bagay na ito. Magtipon kayo pati ang aking espiritu at sa ngalan ng Panginoong Jesus at sa kapangyarihan niya, ipaubaya ninyo kay Satanas ang taong ito para mapuksa ang laman, upang maligtas ang kanyang espiritu sa araw ng Panginoon.

Hindi maganda ang inyong pagyayabang. Hindi ba ninyo alam na pinaaalsa ng kaunting lebadura ang buong masa? Itapon na ninyo ang lumang lebadura at maging bagong masa kayo. Hindi ba si Kristo ang naging ating haing Paskuwa? Kayat kayo naman ang tinapay na walang lebadura. Kaya magdiwang tayo nang walang lumang lebadura o lebadura ng malisya at kasamaan, kundi may tinapay na walang lebadura na siyang katapatan at katotohanan.

Ebanghelyo: Lucas 6:6-11

Sa iba namang Araw ng Pahinga, pumasok siya sa sinagoga at nagturo. May isang lalaki na hindi maigalaw ang kanang kamay. Pinagmamasdan siya ng mga guro ng Batas at mga Pariseo, at baka pagalingin ito ni Jesus sa Araw ng Pahinga at nang ma-isakdal nila siya.

Ngunit alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya sinabi niya sa lalaking hindi maigalaw ang kamay: "Tumindig ka't tumayo sa gitna." Tumindig nga ito at tumayo roon. Sinabi ni Jesus sa kanila: "Matanong ko nga kayo: ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o gumawa ng masama, magligtas ng buhay o pumatay?" Tingnan niya silang lahat sa paligid at sinabi sa tao: "lunat mo ang iyong kamay." Ginawa niya ito at gumaling ang kanyang kamay. Galit na galit naman sila at magkakasamang nag-usap-usap kung ano ang magagawa nila kay Jesus.

PARISH FIESTA: Our Lady of Consolation Parish

Pagmamasid

Ano ang karaniwang ginagawa mo sa araw ng Linggo? Naayon ba ito sa kalooban ng Diyos?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa mga Pariseo at guro ng Batas: "...ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o masama, magligtas ng buhay o pumatay?" Inutos ni Jesus sa lalaking hindi maigalaw ang kanang kamay: "lunat mo ang iyong kamay." Gumaling ang kamay ng lalaki.

Pagtatabas

Napapabanal ko ba ang araw ng Linggo?

Pagsasaayos

Gawing banal Linggo sapagkat araw ito ng ating Panginoon. Dumalo tayo sa Misa. tumanggap ng Banal na Komunyon at tumulong sa mga mahihirap lalo na sa mga nasa laylayan ng ating lipunan. Kalugod-lugod sa Diyos kung magsisikap tayong gawing banal ang bawat araw ng ating buhay.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa paalala ng Panginoong Jesus na gawing Banal ang aming Araw ng Pahinga.

KAPISTAHAN NG PAGSILANG NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 13:6ab, 6k

*Ang lubos kong kasiyahan
ay magalak sa Maykapal.*



Unang Pagbasa: Mikeas 5:1-4a (o Roma 8:28-30)

Ebanghelyo: Mateo 1:1-16, 18-23*

Ito ang libro ng pinagmulan ni Jesucristo, anak ni David at anak ni Abraham. Si Abraham ang ama ni Isaac, si Isaac ang ama ni Jacob, si Jacob ang ama ni Juda at ng kanyang mga kapatid.

Si Juda ang ama nina Perez at Zerah (si Tamar ang kanilang ina), si Perez ang ama ni Esron, at si Esron ni Aram. Si Aram naman ang ama ni Aminadab, si Aminadab ni Naason, si Naason ni Salmon.

Si Salmon ang ama ni Boaz, at si Rahab naman ang kanyang ina. Si Boaz ang ama ni Obed, si Ruth ang kanyang ina. Si Obed naman ang ama ni Jese.

Si Jese ang ama ni David na hari. Si David ang ama ni Solomon, at ang naging maybahay ni Urias ang kanyang ina. (...)

Pagkatapos naman ng pagkatapon sa Babilonia – si Yekonias ang ama ni Salatiel na ama ni Zorobabel.

Si Zorobabel ang ama ni Abiud, si Abiud ni Eliakim, at si Eliakim ni Azor. Si Azor ang ama ni Sadok, si Sadok ni Akim, at si Akim ni Eliud. Si Eliud ang ama ni Eleazar, si Eleazar ni Matan at si Matan ni Jacob.

Si Jacob ang ama ni Jose – ang asawa ni Maria na siyang pinagmulan ni Jesus na tinawag na Kristo. Ganito ipinanganak si Jesucristo. Ipinagkasundo na kay Jose ang kanyang inang si Maria pero bago sila nagsama bilang mag-asawa, nagdadalanta na siya gawa ng Espiritu Santo.

Kaya binalak ni Jose na hiwalayan nang lihim ang kanyang asawa. Matuwid nga siya at ayaw niya itong mapahiya. Habang iniisip-isip niya ito, napakita sa kanya sa panaginip ang Anghel ng Panginoon at sinabi: “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa. Gawa ng Espiritu Santo kaya siya naglihi, at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki, na pangangalanan mong Jesus sapagkat siya ang magliligtas sa kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.”

Nangyari ang lahat ng ito para matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng Propeta: “*Maglilihi ang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki at tatawagin nila siyang Emmanuel na ibig sabih’y Nasa-atin-ang-Diyos.*”

BIRTHDAY: Rev. Fr. Romeo B. Auditor, CM

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Reynaldo Percival S. Flores

PARISH FIESTA: Ina ng Buhay Parish

Pagmamasiid

May malalim ba na kahulugan at aral na ibinibigay ang Diyos sa mga pangyayari sa ating buhay?

Paghahawi

Nagpakita sa panaginip ang Anghel kay Jose at sinabi “Jose, anak ni David, huwag kang matakot na tanggapin si Maria bilang iyong asawa. Gawa ng Espiritu Santo, kaya siya naglihi, at manganganak ng sanggol na lalaki. Pangangalanan mong, Jesus, ang magliligtas sa kanyang sambayanan mula sa kanilang kasalanan.”

Pagtatabas

Ano ang aral na naibibigay sa atin ng pagtanggap ni Jose sa papel niya sa plano ng Diyos? Ano ang mensahe ng kanyang pananampalataya sa kabila ng pagkalito at takot?

Pagsasaayos

Larawan ng taos-pusong pagsunod sa kalooban ng Diyos ang pagtanggap at pag-aalaga ni Jose kay Maria at kay Jesus. Naging kasangkapan siya ng Diyos sa kaganapan ng kaligtasan.

Patunay ng habag at pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan ang pagtayo ni Jose bilang ama kay Jesus. Paalala ito sa atin na may plano ang Diyos para sa bawat isa. Nagdudulot ng tunay na kapayapaan at kabanalan sa buhay ang pagtanggap natin sa Kanyang plano, gaya ng ginawa ni Jose.

Pagdiriwang

Ama naming mapagmahal, tulungan Niyo po kaming tularan si San Jose— sa kanyang pananampalataya, sa kanyang pagsunod, at sa kanyang tahimik na pagtanggap sa plano Mong puno ng pag-ibig. Gawin Niyo pong luntian ang aming puso, upang maging sisidlan ng Iyong kalooban. Amen.



Unang Pagbasa: 1 Corinto 7:25-31

At ngayon, tungkol naman sa mga nana-
natiling di nakikipagtalik, wala akong utos ng
Panginoon, kundi makakapagpayo lamang
ako bilang isang mapagkakatiwalaang tao sa
awa ng Panginoon. Sa palagay ko'y mabuti
ito dahil sa hirap ng buhay ngayon. Mabuting
manatiling ganito. Ikaw ba ay nakatali sa
babae? Huwag mong sikaping makalaya.
Ikaw ba ay malaya sa babae? Huwag kang
maghanap ng asawa. Pero kung mag-asawa
ka, hindi ka nagkakasala. At kung mag-asawa
ang dalaga, hindi siya nagkakasala; ngunit
may problema ang buhay may-asawa, at dito
ko kayo iniiwas.

At ito ang sinasabi ko, mga kapatid,
paubos na ang panahon at mamuhay nawa
ang mga may-asawa na waring walang
asawa, at ang mga tumatangis na waring di-
tumatangis at ang mga natutuwa na waring
di-natutuwa, at ang mga bumibili na waring
walang inaangkin. At mamuhay nawa ang
mga nagtatamasa sa mundo na waring hindi
ikinasisiya ito. Sapagkat pawala na ang ayos
ng mundong ito.

Ebanghelyo: Lucas 6:20-26

Tumingala noon si Jesus sa kanyang mga
alagad at sinabi: "Mapapalad kayong mga
dukha sapagkat sa inyo ang kaharian ng
Diyos. Mapapalad kayong mga nagugutom
ngayon sapagkat bubusugin kayo. Mapa-
palad kayong mga umiiyak ngayon sapagkat
tatawa kayo.

Mapapalad kayo kapag kinapopootan
kayo ng mga tao at itinatakwil at iniinsulto,
at sinisiraang-puri dahil sa akin. Magsaya
kayo at lubos na magalak sa araw na iyon
sapagkat malaki ang inyong gantimpalang
nasa Diyos; gayundin ang ginawa ng kani-
lang mga ninuno sa mga propeta.

Ngunit sawimpalad kayong mayayaman
sapagkat tinatamasa na ninyo ang inyong
ginhawa! Sawimpalad kayong mga busog
ngayon sapagkat magugutom kayo!

Sawimpalad kayong humahalakhak
ngayon sapagkat magluluksa kayo't iiyak!
Sawimpalad kayo kapag pinag-uusapan
kayo nang mabuti ng lahat ng tao dahil
ganoon din ang ginawa ng kanilang mga
ninuno sa mga bulaang propeta.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Joel T. Saballa, CFIC

DATE OF ESTABLISHMENT: 2018, St. Padre Pio Mission Area

Pagmamasid

Paano ko ipinapakita ang pagkakaisa sa dukhang nagugutom?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Mapapalad kayong mga dukha, sapagkat sa inyo ang kaharian ng Diyos."

Pagtatabas

Makamit pa ba ng hindi dukha ang kaharian ng Diyos? Sa paanong paraan?

Pagsasaayos

Mahalaga ang ating pagkilos at malasakit, hindi lamang nakatuon sa pagbibigay ng materyal na
tulong, kundi pati rin sa pagbuo ng ugnayan at pag-unawa sa kanilang situwasyon.

Hindi nagmumula sa materyal na bagay ang tunay na kaligayahan kundi sa ating ugnayan sa
Diyos at pakikitungo sa kapwa. Ang malasakit sa dukha, isang paraan nang pagkilala sa dignidad
at kahalagahan ng bawat tao sa Diyos. Lahat tayo magkakapatid sa iisang Ama.

Pagdiriwang

Ama, nawa kaming lahat, dukha o hindi, makamit ang kaharian Niyo. Patuloy Niyo kaming
bigyan ng lakas at inspirasyon, upang maging tunay na tagasunod ni Jesus sa pagtulong sa mga
nangangailangan.

**IKA-23 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 3 / (Luntian)

Salmo 139:1b-3, 13-14ab, 23-24
*Poon, ako ay samahan
sa buhay na walang hanggan.*



Huwebes
10 SETYEMBRE

Unang Pagbasa:
1 Corinto 8:1b-7, 11-13

Ebanghelyo: Lucas 6:27-38

Ngunit sinasabi ko sa inyong mga nakikinig: mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang mga napopoot sa inyo, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, ipagdasal ninyo ang tumatrato sa inyo nang masama. Sa sumasampal sa iyo sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Sa umaagaw ng iyong kamiseta, huwag mong itanggi ang iyong sando. Magbigay ka sa sinumang humihingi sa iyo; at kung may kumuha ng iyong ari-arian, huwag mo nang hingin pa uli.

Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin nila sa inyo. Kung minamahal ninyo ang mga umiibig sa inyo, ano awng kahanga-hanga roon? Minamahal din ng mga makasalanang mga nagmamahal sa kanila. Kung ginagawa ninyo ang mabuti sa mga gumagawa nito sa inyo, ano ang

kahanga-hanga roon? Iyon din ang ginagawa ng mga makasalanang. Kung nagpapatang kayo sa mga inaasahan ninyong makapagbabayad, ano ang kahanga-hanga roon? Nagpapatang din ang mga makasalanang sa mga makasalanang para matanggap ang katumbas.

Sa halip ay mahalin ninyo ang inyong mga kaaway; gumawa kayo ng mabuti at magpapatang na walang inaasahang anumang. Kaya gagantimpalaan kayo nang malaki at magiging mga anak ng Kataas-taasan dahil butihin siya sa mga walang-utang-na-loob at masasama. Maging maawain kayo gaya ng inyong Amang maawain.

Huwag kayong humatol, at hindi kayo hahatulan; huwag ninyong sumpain ang sinuman, at hindi kayo susumpain; magpatawad kayo, at kayo'y patatawarin. Magbigay kayo, at kayo'y bibigyan – isang saganang takal, siksik, liglig at umaapaw ng mabubuhos sa inyong kandungan. Sapagkat susukatin kayo sa sukatang ginagamit ninyo."

DATE OF ESTABLISHMENT: 1986, Ina ng Buhay Parish

Pagmamasiid

Anong nararamdaman at ginagawa mo, tuwing nakikita mo ang kaaway o taong hindi gusto?

Paghahawi

Payo ni Jesus: "Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo nang mabuti ang mga napopoot sa inyo, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, at ipagdasal ninyo ang tumatrato sa inyo nang masama."

Pagtatabas

Paano ko maipapakita ang pagmamahal sa taong hindi ko gusto o kaaway ko?

Pagsasaayos

Ang tunay na pagmamahal, hindi lamang sa taong nagmamahal sa atin, kundi pati na rin sa taong nagkakasala sa atin. Mahirap gawin, ngunit maging handang gumawa nang mabuti, kahit sa hindi natin gusto. Ang pagmamalasakit at pagpatawad, isang paraan nang pagkakaisa kay Jesus. Maaaring magsimula ito sa pagkilala at pag-unawa sa kanilang pagkatao, pagdarasal, pagpatawad, at paggawa nang mabuti para sa kanila.

Pagdiriwang

Ama, tulungan Niyo kaming magpatawad, at maipakita ang pagmamahal at malasakit sa aming kaaway, para sa Inyong kaluwalhatian.



Unang Pagbasa:
1 Corinto 9:16-19, 22b-27

Sapagkat hindi ko maipagmamalaki ang pag-eebanghelyo ko: sapilitan itong ipinagagawa sa akin. Sawi ako kung hindi ko ipangaral ang ebanghelyo! Kung kusa ko itong ginawa, meron sana akong gantimpala; ngunit napilitan ako, kaya, tumutupad lamang ako sa aking tungkulin. Paano naman ako magagantimpalaan? Na sa aking pag-eebanghelyo, ibibigay ko ang ebanghelyo nang libre at hindi ako makikinabang sa pinaubaya ng ebanghelyo sa akin.

Malaya man ako sa lahat, nagpaalipin pa rin ako sa lahat upang makuha ko ang mas marami. Nag-asal mahina ako alang-alang sa mga mahina upang makuha ko ang mga mahihina. Naging lahat ako para sa lahat upang kahit paano'y mailigtas ko ang ilan. Ginagawa ko ang lahat para sa ebanghelyo upang makabahagi ako nito.

Wala ba kayong natutunan sa istadyum? Kung may karera, tumatakbo ang lahat ngunit iisa ang nagkakamit ng premyo. Kaya nga tumakbo kayo upang magkamit.

Lubusang nagpipigil sa sarili ang atletang nagpupunyagi alang-alang sa koronang nalalaos; at di-nalalaos naman ang makakamtan natin.

Kaya nag-iingat ako sa pagtakbong di-tiyak. Sumusuntok ako ngunit hindi sa hangin. Hinihigpitan ko ang aking katawan at naalipin ko ito at baka naman ako pang nangaral sa iba ang bumagsak.

Ebanghelyo: Lucas 6:39-42

Sanabi rin niya sa kanila ang isang Stalinhaga: "Puwede nga kayang akayin ng isang bulag ang isa pang bulag? Di ba't kapwa sila mahuhulog sa kanal? Hindi higit sa kanyang guro ang alagad. Magiging katulad ng kanyang guro ang ganap na alagad.

Bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong kapatid? At di mo pansin ang troso sa iyong mata. Paano mo masasabi sa iyong kapatid: 'Kapatid, pahintulutan mong alisin ko ang puwing sa mata mo,' gayong hindi mo nga makita ang troso sa mata mo? Mapagkunwari! Alisin mo muna ang troso sa mata mo, at saka ka makakakitang mabuti para alisin ang puwing sa mata ng kapatid mo.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Ferdinand C. Dulong

DATE OF ESTABLISHMENT: 1987, San Isidro Labrador Parish, Tandang Sora

Pagmamasid

Mabuti ba akong taga akay o isa rin akong bulag na aakayin?

Pagahahawi

Ang tanong ni Jesus: "Puwede nga kayang akayin ng isang bulag ang isa pang bulag? Di ba't kapwa sila mahuhulog sa kanal?...Bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong kapatid? At di mo pansin ang troso sa iyong mata?... Alisin mo muna ang troso sa mata mo, at saka ka makakakita nang mabuti.

Pagtatabas

Paano ko matututunang tingnan muna ang sarili bago magbigay-puna sa kapwa?

Pagsasaayos

Alalahanin ang paalala ni Jesus: suriin muna ang sariling pagkukulang bago punahin ang kapwa. Kung nagagawa na natin ito, pagnilayan kung paano tayo makakatulong sa pagwasto ng iba—may kababaang-loob at malasakit. Hindi ito madali, ngunit ang pagbago ng sarili ang unang hakbang sa pagiging tunay na tagapagdala ng aral ni Kristo.

Pagdiriwang

Ama, bigyan Niyo kami ng lakas at karunungan upang makita ang aming pagkukulang, at maging mapagpakumbaba sa pagtulong sa iba.

IKa-23 LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 3 / (Luntian/Puti)

Mahal na Birheng Maria / Ang Banal na Ngalan ng Mahal na Birhen

Salmo 116:12-13, 17-18

Maghahandog ako sa D'yos ng nagpupuring malugod.



Sabado
12 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: 1 Corinto 10:14-22

Ebanghelyo: Lucas 6:43-49

Hindi makapamumunga ng masama ang mabuting puno, at ang masamang puno nama'y hindi makapamumunga ng mabuti. Nakikilala ang bawat puno sa bunga nito. Hindi makapipitas ng igos mula sa tinikan ni makaaani ng ubas mula sa dawagan. Naglalabas ang taong mabuti ng mabuting bagay mula sa yaman ng kabutihan sa kanyang puso; ang masama nama'y naglalabas ng masamang bagay mula sa kanyang kasamaan. At sinasabi nga ng bibig ang umaapaw mula sa puso.

Bakit pa ninyo ako tinatawag na 'Panginoon, Panginoon,' gayong hindi naman ninyo tinutupad ang sinasabi ko?

Ilalarawan ko sa inyo ang lumalapit sa akin at nakikinig sa aking mga salita at tumutupad nito. May isang taong nagtatayo ng bahay, na humukay nang malalim at sa batuhan inilagay ang mga pundasyon. Pagdating ng baha, hinampas ng agos ang bahay na iyon pero wala itong lakas para yanigin iyon sapagkat mabuti ang pagkakatatag niyon.

At kung may nakaririnig ngunit di naman nagsasagawa, matutulad siya sa nagtatayo ng bahay sa ibabaw ng lupa na wala namang pundasyon. Hinampas ito ng agos at kaagad bumagsak. Anong laki ng pagkawasak ng bahay na iyon!"

BIRTHDAY: Rev. Fr. Joseph M. Buslon

Pagmamaisid

Ipinapakita ba ng aking salita at kilos ang laman ng aking puso at ang tunay kong pagkatao?

Paghahawi

Sabi ni Jesus, "Hindi namumunga ng masama ang mabuting puno, at ang masamang puno ay hindi namumunga ng mabuti." Ang mabuting tao ay naglalabas ng kabutihan mula sa kanyang puso. Ngunit nagtanong din Siya: "Bakit ninyo ako tinatawag na 'Panginoon, Panginoon,' ngunit hindi ninyo ginagawa ang sinasabi Ko?"

Pagtatabas

Ang mga bunga ba ng ating buhay ang ating mga desisyon, pakikitungo, at pananalita, nagpapakita ba ng tunay na pagsunod kay Kristo?

Pagsasaayos

Bunga ng ating panloob na kalagayan ang ating mga gawa. Kung ang puno ng kabutihan ang ating puso lilitaw ito sa ating asal. Ngunit kung salungat ang ating kilos sa aral ni Jesus, kailangan nating magsuri.

Hindi sapat ang pagsasabing "Panginoon" kung hindi ito sinasalamain ng ating pamumuhay. Kaya't mahalaga ang panalangin, pagninilay, at pagsasabuhay ng Salita. Sa simpleng kabutihan pagtulong, pasasalamat, pakikinig - naipapakita ang pundasyong matatag sa pananampalataya.

Pagdiriwang

Ama, hubugin Mo ang aming puso upang mamunga ng kabutihan. Nawa'y makita sa aming salita at gawa ang tunay na pagsunod sa Iyong Anak, si Jesus.

Tungkol sa kaharian ng Langit ang kasaysayang ito. Isang hari ang nagpasyang pagbayarin ng utang ang kanyang mga utusan. Nang simulan niyang suriin ang kuwenta, iniharap sa kanya ang isang may utang na sampung libong baretang ginto. Dahil walang maibayad sa kanya ang tao, iniutos ng panginoon na ipagbili at maging alipin siya kasama ng kanyang asawa, mga anak at mga ari-arian bilang bayad-utang.

At nagpatirapa sa paanan ng hari ang opisyal at sinabi: 'Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko.' Naawa sa kanya ang hari at hindi lamang siya pinalaya kundi kinansela pa ang kanyang utang.

Pagkaalis ng opisyal na ito, nasalubong niya ang isa sa kanyang mga kasamahan na may utang namang sandaang barya sa kanya. Sinunggaban niya ito sa leeg at halos sakalin habang sumisigaw ng 'Bayaran mo ang utang mo!' Nagpatirapa sa paanan niya ang kanyang kasamahan at nagsabi: 'Bigyan mo pa ako ng panahon, at babayaran kong lahat ang utang ko sa iyo.' Ngunit tumanggi siya at ipinakulong ito hanggang makabayad ng utang.

Labis na nalungkot ang iba nilang kapwalingkod nang makita ang nangyari. Kaya pinuntahan nila ang kanilang panginoon at ibinalita ang buong pangyayari. Ipinatawag naman niya ang opisyal at sinabi: 'Masamang utusan, pinatawad ko ang lahat ng iyong utang nang makiusap ka sa akin. Di ba dapat ay naawa ka rin sa iyong kasamahan gaya ng pagkaawa ko sa iyo?' Galit na galit ang panginoon kaya ibinigay niya ang kanyang utusan sa mga tagapagpahirap hanggang mabayaran nito ang lahat ng utang."

Ildinagdag ni Jesus: "Ganito rin ang gagawin sa inyo ng aking Ama sa Langit kung hindi patatawarin ng bawat isa sa inyo mula sa puso ang kanyang kapatid."



"Panginoon, gaano kadalas ko naman dapat patawarin ang mga pagkukulang ng aking kapatid? Pitong beses ba?"

BIRTHDAY: Rev. Fr. Nguyen Xuan Thuyen, ICM

Pagmamasid

Kaya ko bang patawarin ang aking kapatid na nanakit niya sa akin?

Paghahawi

Sa talinghaga ni Jesus, sinabi ng hari sa masamang utusan: "Pinatawad ko ang lahat ng iyong utang. Di ba dapat maawa ka rin sa iyong kasamahan, gaya ng pagkaawa ko sa iyo?"

Pagtatabas

Bakit tayo nahihirapang magpatawad? Anong gagawin natin upang matutuhan nating magpatawad?

Pagsasaayos

Ang walang hanggang pagpapatawad na ibinibigay sa atin ng Ama ay hindi lamang utos, kundi paanyaya—isang pagkakataon upang pagalingin ang ating sarili at panatilihin ang ugnayan sa kapwa. Maglaan tayo ng sandali upang alalahanin ang mga taong maaaring naghihintay ng ating kapatawaran.

Marahil dahil sa sakit, takot, o galit kung kaya't nahihirapan tayong magpatawad. Ngunit sa halip na manatili roon, subukan nating unawain ang kanilang pinagdadaanan. Sa halip na magalit, piliin ang malasakit. Nagiging daan sa pagkakaunawaan, kapayapaan, at tunay na pagbabago ang pusong bukas sa awa.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kaming maipakita ang tunay na kapatawaran sa aming kapwa, at tulungan Niyo kaming maging daluyan ng Inyong awa.



KAPISTAHAN NG PAGTATAMPOK SA KRUS NA BANAL

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 78:1bk-2, 34-35, 36-37, 38

*Hindi nila malilimot
ang dakilang gawa ng Diyos.*

Unang Pagbasa: Mga Bilang 21:4b-9

Nasiraan ng loob ang sambayanan habang nasa daan, at nagreklamo laban sa Diyos at kay Moises: "Bakit mo kami inilabas mula sa Ehipto para mamatay sa disyerto? Walang tinapay ni tubig dito, at sawang-sawa na kami sa walang lasang mannang ito!" At nagpadala si Yawe ng mga ahas na "apuy-apuyan" laban sa kanila. Tinuklaw ng mga ito ang sambayanan at marami sa mga Israelita ang namatay. Pinuntahan ng sambayanan si Moises at sinabi: "Nagkasala kami sa pagsasalita nang laban kay Yawe at sa iyo. Ipakiusap mo kay Yawe na alisin na sa amin ang mga ahas."

Nanalangin si Moises para sa sambayanan, at sinabi sa kanya ni Yawe: "Gumawa ka ng isang ahas na 'apuy-apuyan' at ilagay sa isang poste, at mabubuhay ang sinumang natuklaw ng ahas at tumingin dito."

Kaya gumawa si Moises ng isang ahas na tanso at inilagay iyon sa isang poste. At tumingin sa ahas na tanso ang sinumang natuklaw ng mga ahas, at siya'y nabuhay.

Ikalawang Pagbasa: Filipos 2:6-11

Ebanghelyo: Juan 3:13-17

Nalang umakyat sa langit maliban sa bumaba mula sa langit – ang Anak ng Tao. At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas sa disyerto, gayundin dapat itaas ang Anak ng Tao upang magkaroon ng buhay magpakailanman ang bawat nananalig sa kanya.

Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman.

Hindi nga sinugo ng Diyos sa mundo ang Anak upang hukuman ang mundo kundi upang maligtas ang mundo sa pamamagitan niya.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Miguelito G. Lagrimas

PARISH FIESTA:

Sta. Krus Parish | Holy Cross Parish

Pagmamasad

Paano natin ipinapakita ang ating pagmamahal sa kapwa sa araw-araw?

Pagbahawi

Pahayag ni Jesus: "Ganito nga kamahal ng Diyos ang mundo! Kayat ibinigay niya ang kanyang bugtong na anak upang hindi na mawala ang bawat nananalig sa kanya kundi magkaroon ng buhay magpakailanman."

Pagtatabas

Paano ko ipinapakita ang pasasalamat sa dakilang pag-ibig ng Diyos at kaligtasang hatid ni Jesus sa ating lahat?

Pagsasaayos

Ibinigay ng Diyos ang kanyang bugtong na Anak na si Jesus bilang pinakamahalagang regalo sa atin, upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. Tulad ng ahas na itinaas ni Moises sa disyerto, itinaas si Jesus sa Krus, upang maligtas tayo. Tanda ito ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan.

Sa araw na ito, inaanyayahan tayong tumingin sa krus hindi bilang parusa, kundi bilang paanyaya sa pagsunod, pag-ibig, at sakripisyo. Sa bawat pagpapatawad, pagtulong, at pag-unawa sa kapwa, ipinapadama natin ang liwanag ng krus sa mundo.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa pagsugo N'yo ng Inyong Anak para sa aming kaligtasan. Gawin Ninyo kaming matatag na saksi ng Inyong pag-ibig sa aming salita at gawa.

IKa-24 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Puti)

*Paggunita sa Mahal na Birheng Maria
na Nagdadalamhati*

Salmo 100:1b-2, 3, 4, 5

*Lahat tayo'y kaniyang bayan,
kabilang sa kaniyang kawan.*



Martes
15 SETYEMBRE

Unang Pagbasa:

1 Corinto 12:12-14, 27-31a

Tingnan ninyo: iisa ang katawan at marami ang sangkap nito. At iisang katawan lang ang mga sangkap kahit na marami ang mga ito. Gayon din si Kristo. Sa iisang Espiritu, bininyagan tayong lahat – Judio man o Griyego, alipin man o malaya – upang buuin ng lahat ang isang katawan. At sa iisang Espiritu tayong lahat umiinom.

Hindi binubuo ng iisang sangkap ang katawan kundi ng marami.

Katawan ni Kristo kayo at bawat isa sa inyo ay sangkap nito. Kaya ang itinalaga ng Diyos na una sa Iglesya ay ang mga apostol; ikalawa'y mga propeta; ikatlo ay mga guro. At saka may himala, ang kakayahang pagpapagaling o pagtulong o pamamahala, at pagsasalita sa iba't ibang wika.

Mga apostol ba ang lahat? Propeta ba ang lahat? Guro ba ang lahat? Hindi lahat ay gumagawa ng himala o may kakayahang pagpapagaling, o nagsasalita sa iba't ibang wika, o nakapagpapaliwanag sa mga ito. Ngunit adhikain ninyo ang mas dakilang mga kaloob.

**Ebanghelyo: Juan 19:25-27
(o Lucas 2:33-35)**

Nangakatayo naman sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid na babae ng kanyang ina, si Maria ni Cleofas at si Maria Magdalena. Kaya pagkakita ni Jesus sa ina at sa alagad na mahal niya na nakatayo sa tabi, sinabi niya sa Ina: “Babae, hayan ang anak mo!” pagkatapos ay sinabi naman niya sa alagad: “Hayan ang iyong ina.” At mula sa oras na iyon, tinanggap siya ng alagad sa kanyang tahanan.

Pagmamasiid

Paano ko ipinapakita ang aking pagmamahal sa Inang Maria?

Paghahawi

Pagkakita ni Jesus sa ina at sa alagad na mahal niya,... sinabi niya sa Ina: “Babae, hayan ang anak mo!” Sinabi Niya sa alagad: “Hayan ang iyong ina.”

Pagtatabas

Kinikilala ko ba ang gabay ni Inang Maria sa aking buhay?

Pagsasaayos

Sa Krus, ipinagkatiwala ni Jesus ang Kanyang Ina kay Juan. Si Maria, ibinigay sa atin bilang ating Ina at ng buong Simbahan. Kahit sa oras ng paghihirap ni Jesus, iniisip pa rin Niya ang kapakanan ng Kanyang mga mahal sa buhay. Ang Inang Maria patuloy na nagdarasal para sa atin, at gumagabay sa atin patungo kay Jesus. Ang ating debosyon sa kanya nagpapalapit sa atin kay Jesus, at nagiging bukas ang ating kalooban sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, patatagin Niyo ang aming pananampalataya, at gawin kaming mapagmahal at maawain sa aming kapwa, gaya ng halimbawa ni Inang Maria.



IKA-24 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Pula)

Papa San Cornelio at Obispo San Cipriano

Salmo 33:2-3, 4-5, 12 at 22

*Mapalad ang ibinukod
na bansang hinirang ng D'yos.*

Unang Pagbasa:

1 Corinto 12:31–13:13*

(...) Makapagsalita man ako ng mga wika ng mga tao at ng mga anghel, kung wala naman akong pag-ibig, para lang akong tansong tumutunog at pompiyang na kumakalantog. Magkaroon man ako ng kaloob ng pagpopropesiya, at makilala ang lahat ng hiwaga at ang panlahat na kaalaman; magkaroon man ako ng ganap na pananampalataya na nakapag-aalis sa mga bundok, ngunit wala akong pag-ibig, bale-wala ako. Ipagkaloob ko man sa mga dukha ang lahat ng sa akin at ibigay ang aking katawan ngunit upang purihin lamang at wala akong pag-ibig, wala akong silbi.

Matiyaga ang pag-ibig at may kagandahang-loob. Hindi ito nagseselos, nagmamapuri, o nagmamataas. Hindi gumagawa ng di-tama o tumitingin sa sarili; hindi nagagalit o nagtatanim ng sama ng loob; hindi natutuwa sa kasamaan kundi nagagalak sa katotohanan. Ang pag-ibig ay nagbabata sa lahat, naniniwala sa lahat, umaasa sa lahat at nagtitiyaga sa lahat.

Ang pag-ibig ay di-kailanman magmamaliw. Aalisin naman ang mga propesiya, magwakas ang pagsasalita sa mga wika at aalisin ang kaalaman. Sapagkat hindi ganap ang abot ng kaalaman at propesiya, at pagdating ng ganap,

mawawala ang di ganap. Nang bata pa ako, nagsalita akong parang bata; nagdamdam akong parang bata, at nag-isip na parang bata. Nang magbinata naman ako, iniwan ko na ang mga ugaling-bata. (...) Ngayon, bahagya ang aking pagkakilala, ngunit pagkatapos, makakakilala ako nang lubusan, gaya ng pagkakilala niya sa akin. Taglay natin ngayon ang tatlong ito: pananampalataya, pag-asa at pag-ibig; ngunit pinakadakilala sa mga ito ang pag-ibig.

Ebanghelyo: Lucas 7:31-35

"**N**gayon, kanino ko ikukumpara ang mga tao sa kasalukuyan, at sa ano sila katulad? Para silang mga batang nakaupo sa mga plasa, at nagreklamo ang ilan sa kanila: 'Tinugtug namin ang plauta para sa inyo at hindi kayo sumayaw, at nang umawit naman kami ng punebre, ayaw naman ninyong umiyak. Ganito rin naman ang nangyari. Dumating si Juan Bautista na hindi kumakain ng tinapay ni umiinom ng alak, at ang sabi ninyo'y 'Nasisiraan siya ng bait!' Dumating naman ang Anak ng Tao na kumakain at umiinom, at sinabi naman ninyong 'Narito ang taong matakaw at lasenggo, kaibigan ng mga publikano at mga makasalan.' Gayon pa ma'y nakilala ng kanyang mga anak ang Karunungan.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Eduardo C. Molina

Pagmamasid

Mabilis ba tayong humusga agad sa ating kapwa lalo na kapag hindi tugma sa ating inaasahan ang kanilang kilos, pamumuhay, o paninindigan?

Paghahawi

Saad ni Jesus na si Juan Bautista, hindi kumakain ng tinapay ni umiinom ng alak, sinabihang nasisiraan ng bait. Ang Anak ng Tao, kumakain at umiinom, sinabihang matakaw, lasenggo, kaibigan ng publikano at makasalan. Gayon pa man, nakilala ng kanyang mga anak ang Karunungan.

Pagtatabas

Paano natin maiwasan ang pagbibigay ng hatol batay lamang sa panlabas na anyo, kilos, o pamumuhay ng iba?

Pagsasaayos

Maraming tao ang nahuhusgahan batay sa panlabas na anyo, pananamit, kilos, o pamumuhay nang hindi nauunawaan ang laman ng puso. Si Juan Bautista, dahil sa kanyang payak na pamumuhay, hindi tinanggap ng ilan. Si Jesus, dahil sa pakikisalamuha sa mga makasalan, pinuna ng marami.

Bilang tagasunod ni Kristo, tinatawag ang bawat isa na umiwas sa mapanghusgang pagtingin. Sa halip, pagnilayan ang Karunungan na kumikilos sa iba't ibang anyo. Buksan ang isip at puso sa kapwa. Magsanay ng pagtanggap, pag-unawa, at pasensya sa harap ng pagkakaiba.

Pagdiriwang

Ama, gabayan Niyo kaming maunawa ang puso ng kapwa, at makilala ang Inyong karunungan sa kanya.

IKA-24 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHO

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/Puti)

San Roberto Belarmino

Salmo 118:1b-2, 16ab-17, 28

Butiing Poo'y purihin,
pag-ibig n'ya'y walang maliw.



Huwebes
17 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: 1 Corinto 15:1-11

Ebanghelyo: Lucas 7:36-50

Inanyayahan si Jesus ng isa sa mga Pariseo na makisalo sa kanya kaya pumasok siya sa bahay ng Pariseo at humilig sa sopa para kumain. Ngayon, may isang babae sa bayang iyon na itinuturing na makasalanang babae. Nang malaman nitong si Jesus ay nasa hapag sa bahay ng Pariseo, nagdala ito ng pabangong nasa sisidlang alabastro. Tumayo siya sa likuran, sa may paanan ni Jesus at umiyak. Tumulo ang kanyang mga luha sa mga paa ni Jesus at pinunasan niya ng kanyang buhok, at hinagkan at pinahiran ng pabango.

Nang makita ito ng Pariseong kumumbida sa kanya, naisip nito: "Kung propeta ang taong ito, malalaman niya kung sino ang babaeng ito at anong uri ng tao ang humihipo sa kanya – isa nang makasalanang babae!"

Ngunit nagsalita sa kanya si Jesus: "Simon, may sasabihin ako sa iyo." Sumagot ito: "Guro, magsalita ka." At sinabi niya: "May dalawang may utang sa isang taong nagpapautang. Limandaang salaping pilak ang utang ng isa at limampu naman ang sa isa pa. Ngunit wala silang maibayad kaya kapwa niya sila pinatawad. Ngayon, sino sa kanila ang magmamahal sa kanya nang higit?"

Sumagot si Simon: "Sa palagay ko'y ang pinatawad niya ng mas malaki." At sinabi sa kanya ni Jesus: "Tama ang hatol mo." At paglingon niya sa babae, sinabi niya kay Simon: "Nakikita mo ba ang babaeng ito? Pumasok ako sa iyong bahay at hindi mo ako binigyan ng tubig para sa aking mga paa ngunit binasa niya ng kanyang luha ang aking mga paa at pinunasan ito ng kanyang buhok. Hindi mo ako hinagkan ngunit mula nang pumasok siya'y wala nang tigil ang kahahalik niya sa aking mga paa. Hindi mo pinahiran ng langis ang aking ulo ngunit binuhusan niya ng pabango ang aking mga paa. Kaya sinasabi ko sa iyo, pinatawad na ang marami niyang kasalanan dahil nagmamahal siya nang malaki. Ngunit nagmamahal lamang nang kaunti ang pinatawad nang kaunti."

At sinabi naman ni Jesus sa babae: "Pinatawad ang iyong mga kasalanan." At nagsimulang mag-isip ang mga nasa hapag: "At nangangahas ang taong ito na magpatawad ng mga kasalanan!"

Ngunit sinabi ni Jesus sa babae: "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; humayo ka sa kapayapaan."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Joselito Cruz, FLP

Pagmamasiid

Paano natin ipinapakita ang ating pasasalamat sa kapwang nakagawa ng mabuti sa atin?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus sa babae: "Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; humayo ka sa kapayapaan." Binasang babae ang mga paa ni Jesus ng kanyang luha, pinunasan ng kanyang buhok, at hinalikan ang mga ito.

Pagtatabas

Paano ko maipapakita ang aking pagmamahal kay Jesus sa aking pang-araw-araw na buhay?

Pagsasaayos

Inilarawan ng Ebanghelyo ang mapanghusgang puso ni Simon, at ang pusong mapagmahal at nagsisising babae. Ipinakita ng makasalanang babae ang tunay na pagsisipi at pagmamahal kay Jesus sa pagbasa ng mga paa ni Jesus ng kanyang luha, pagpunas nito gamit ang buhok niya, paghalik at paglagay ng pabango sa mga ito.

Magsumikap tayong pagsisihan ang ating mga kasalanan, magpakumbaba, at magpakita ng pagmamahal kay Jesus tulad ng ginawa ng makasalanang babae ng pinatawad ni Jesus at binigyan ng kapayapaan. Kapayapaan ang dulot ng kapatawaran ng Diyos sa ating mga kasalanan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, nawa, matularan namin ang babaeng nagsisi sa kanyang mga kasalanan, at nagpakita ng malaking pagmamahal sa Inyo.

Biernes
SETEMBRE **18**



**IKA-24 NA LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 4 / (Luntian)

Salmo 17:1bkd, 6-7, 8b at 15
*Paggising ko, Poong sinta,
sa piling mo'y magsasaya.*

Unang Pagbasa: 1 Corinto 15:12-20

Ngayon kung ipinangangaral na si Kristo'y muling binuhay, paano nasasabi ng ilan sa inyo na walang muling pagkabuhay ang mga patay? Kung walang muling pagkabuhay, hindi rin nabuhay na muli si Kristo. At kung hindi muling nabuhay si Kristo, walang kabuluhan ang aming pangangaral at wala ring kabuluhan ang inyong paniniwala. At mapapatunayan kaming mga bulaang saksi tungkol sa Diyos pagkat sinabi namin sa ngalan ng Diyos na muling binuhay niya si Kristo, ngunit hindi niya ginawa ito kung talagang hindi mabubuhay ang mga patay. Kung talagang hindi nabubuhay ang mga patay, hindi rin nabuhay na muli si Kristo, at kung hindi binuhay na muli si Kristo, walang silbi ang inyong pananampalataya at nasa ilalim pa kayo ng inyong mga kasalanan. At nawala ang mga nahimlay kay Kristo. At kung para sa buhay na ito lamang tayo umasa kay Kristo, tayo na ang pinakakawawa sa lahat ng tao.

Ngunit si Kristo ay talagang muling nabuhay mula sa kamatayan, ang pangunahin ng mga nahihimlay.

Ebanghelyo: Lucas 8:1-3

Pagkatapos ay naglibot si Jesus sa bawat lunsod at bayan na nangangaral at ibinabalita ang kaharian ng Diyos. Kasama niya ang Labindalawa at ilang mga babae na pinagaling sa masasamang espiritu at mga karamdaman: si Maria na tinaguriang Magdalena, na nilisan ng pitong demonyo, si Juana na asawa ni Kusa na katiwala ni Herodes, at si Susana at iba pang naglilingkod sa kanila mula sa kanilang kaya.

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Tomas F. Flores, Jr.

Pagmamasisid

Paano ako tumutugon sa paanyaya ni Jesus na makibahagi sa Kanyang misyon?

Paghahawi

Hindi nag-iisa si Jesus sa Kanyang misyon. Kasama Niya ang mga alagad at ilang kababaihang tapat na tagasunod. Sila'y naglingkod mula sa kanilang sariling kakayahan, tanda ng pananampalatayang isinasabuhay. Paanyaya ito sa atin na makibahagi rin sa misyon ng Panginoon sa simpleng paraan, sa pagbibigay, paglilingkod, at pakikiisa.

Pagtatabas

Katulad ba ako ng mga kababaihang tumulong sa Kanya mula sa kanilang sariling kakayahan?

Pagsasaayos

Sa ating panahon, maraming paraan upang makiisa sa misyon ni Jesus. Hindi kailangang maging dakila o kilala—ang mahalaga ay ang pusong bukas sa pagtulong, sa pakikinig, at sa pagdamay. Tulad ng mga kababaihang kasama ni Jesus, maaari tayong maglingkod mula sa kung anong mayroon tayo. Sa ganitong paraan, nagiging buhay ang Ebanghelyo sa ating komunidad.

Pagdiriwang

Ama, nawa buong puso kaming makiisa sa misyon ni Jesus gaano man ito kaliit bastat para sa kaluwalhatian Mo. Amen.

IKa-24 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 4 / (Luntian/
Pula/Puti)

Mahal na Birheng Maria / San Januario

Salmo 56:10k-12, 13-14

*Sa harap mo ay lalakad akong
taglay ang liwanag.*



Sabado
19 SETYEMBRE

Unang Pagbasa:

1 Corinto 15:35-37, 42-49

Ebanghelyo: Lucas 8:4-15

Napakakapal na tao ang nagkakatipon dahil pinupuntahan si Jesus ng mga tao mula sa kani-kanilang mga bayan. Kaya nagsalita siya sa talinhaga:

"Lumabas ang manghahasik para maghasik ng kanyang binhi. Sa kanyang paghahasik, may ilang butong nahulog sa tabi ng daan at tinapak-tapakan at kinain ng mga ibon sa langit. Nahulog ang iba sa batuhan, at nang sumibol ay nalanta dahil sa kawalan ng halumigmig. Nahulog ang iba pang buto sa gitna ng tinikan, at sa sabay nilang paglaki, sinikil ito ng mga tinik. Nahulog naman ang iba pa sa matabang lupa at nang sumibol ay nagbunga nang tig-iisang daan." Pagkasabi nito'y sumigaw siya: "Makinig ang may tainga."

At tinanong siya ng kanyang mga alagad kung ano ang kahulugan ng talinhagang ito. Kayat sinabi niya: "Sa inyo ipinagkaloob na malaman ang mga lihim ng kaharian ng Diyos,

at sa iba nama'y sa mga talinhaga lamang para tumingin sila at hindi makakita, makinig at hindi makaunawa.

Ito ang kahulugan ng talinhaga. Ang binhi ay ang salita ng Diyos. Ang mga nasa tabi ng daan ay ang mga nakakarinig nito pero agad namang dumarating ang diyablo; inaagaw niya ang salita mula sa kanilang isipan upang huwag silang manalig at maligtas. Ang mga nasa batuhan ay ang mga nakakarinig na masayang tinatanggap ang salita. Ngunit wala silang ugat kaya sandali silang nananalig at tumitiwalag naman sa panahon ng tukso. Ang nahulog naman sa mga tinikan ay ang mga nakakarinig ngunit sa pagpapatuloy nila'y sinikil ng mga kabalisan, ng kayamanan at ng mga kasiyahan sa buhay kaya hindi sila nakapagbunga. Ang nahulog naman sa matabang lupa ay ang mga nakakarinig sa salita at iniingatan ito nang may dakila't mabuting loob at nagbunga sila sa kani-ang pagtitiyaga.

Pagmamasisid

Sa pakikinig ng mabuting salita ng kapwa, anong uri akong lupa – batuhan, tinikan, o mataba?

Paghahawi

Sinabi ni Jesus: "Ang nahulog sa matabang lupa, ang mga nakakarinig sa salita, at iniingatan ito nang may dakila't mabuting loob, at nagbunga sila sa kanilang pagtitiyaga."

Pagtatabas

Matabang lupa ba ako na may dakila at mabuting loob na iniingatan ang narinig o nabasa na salita ni Jesus?

Pagsasaayos

Sa pagtanggap at pagpapahalaga ng salita ng Diyos, maaring tulad tayo ng binhi sa tabi ng daan madaling maagaw ng diyablo; sa batuhan, mabilis lumago, ngunit mabilis mamatay sa tukso; o sa tinikan, nasasakal ng alalahanin at kasiyahan ng mundo. Ang layunin ng manghahasik, maging tulad ng binhi sa matabang lupa. malalim ang ugat ng pananampalataya, matatag sa pagsubok, at nagbunga ng kabutihan.

Upang maging matabang lupa, patuloy na palalimin ang ugnayan sa Diyos sa panalangin, pagbabasa ng Bibliya, at paggawa ng mabuti sa kapwa. Huwag panghinaan ng loob sa pagsubok, sapagkat ang Diyos nandiyan upang gabayan at palakas in tayo.

Pagdiriwang


Panginoong Jesus, Tulungan Niyo kaming maging maging matabang lupa na nagbunga ng kabutihan at pagmamahal sa aming kapwa.

Lumabas din siya nang mag-iikasiyam ng umaga at nakita niya ang ibang mga nakatayo sa plasa na walang ginagawa. Kaya sinabi niya sa kanila: ‘Pumunta rin kayo sa aking ubasan at bibigyan ko kayo ng nararapat.’ At pumunta sila.

Muli siyang lumabas kinatanghalian at nang mag-iiklatlo ng hapon at gayundin ang ginawa niya. Lumabas din siya sa huling oras ng paggawa at nakita niya ang iba pang nakatayo lamang. Kaya sinabi niya sa kanila: 'Bakit kayo nakatayo lang at maghapong walang ginagawa?' Sumagot sila: 'Dahil walang umupa sa amin.' Sinabi niya: 'Pumunta kayo at magtrabaho sa aking ubasan.'

Paglubog ng araw, sinabi ng may-ari ng ubasan sa kanyang tagapamahala: 'Tawagin ang mga manggagawa at bayaran sila, mula sa huli hanggang sa una.' Kaya lumapit ang mga dumating sa huling oras at binigyan sila ng tig-isang denaryo (isang baryang pilak). Nang lumapit naman ang mga nauna, akala nila'y tatanggap sila ng higit pa. Ngunit tumanggap din sila ng tig-isang denaryo. Kaya pagkatanggap nila nito, nagsimula silang magreklamo sa may-ari.

Ang sabi nila: 'Isang oras lamang ang trabaho ng mga huling ito, at ipinapantay mo sila ngayon sa amin na maghapong nagtrabaho sa init ng araw.' Kaya sinagot ng may-ari ang isa sa kanila: 'Kaibigan, hindi ko kinukuha ang sa iyo. Di ba't nagkasundo tayo sa isang denaryo isang araw? Kaya tanggapin mo ang sa iyo at umalis ka na. Gusto ko ring bigyan ang nahuli gaya ng ibinigay ko sa iyo. Wala ba akong karapatang gawin ang gusto ko sa pera ko? Bakit ka naiinggit dahil maawain ako?' Kaya mauuna nga ang huli, at mahuhuli ang una."



"Maagang lumabas ang isang may-ari para umupa ng mga manggagawa sa ubasan."

SACERDOTAL ANNIVERSARY: Rev. Fr. Melchor T. Balinggao

Pagmamaisid

Paano ako tumutugon kapag ang kabutihan ng Diyos ay ibinibigay sa iba nang tila pantay, kahit mas kaunti ang kanilang naibahagi? May puwang ba sa puso ko para sa galak at pasasalamat, o nangingibabaw ang inggit at pag-aalinlangan?

Paghahawi

Sagot ng may-ari sa manggagawa: "Kaibigan, hindi ko kinukuha ang sa iyo. Di ba't nagkasundo tayo sa isang denaryo isang araw? Gusto kong bigyan ang nahuli gaya ng ibinigay ko sa iyo. Bakit ka naiinggit dahil maawain ako?"

Pagtatabas

Magtatampo ba ako na nagawa naman ang usapan sa maawaing may-ari?


Pagsasaayon

Ang kabutihan ng Diyos ay hindi nakabatay sa tagal ng paglilingkod, kundi sa Kanyang malayang pag-ibig. Sa halip na magkumpara, paanyaya ito na magpasalamat sapagkat tinawag tayong lahat at pinagpala.

Sa linggong ito, subukan nating magpasalamat sa halip na magreklamo. Sa tuwing makakakita tayo ng biyaya sa buhay ng iba, pillin nating magsaya kasama nila, bilang tanda ng tiwala sa kabutihan ng Diyos para sa lahat.

Pagdiriwang

Ama, alisin Niyo ang aming inggit at makasariling reklamo, para sa kapayapaan ng lahat.



KAPISTAHAN NI APOSTOL SAN MATEO, MANUNULAT NG MABUTING BALITA

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 19:2-3, 4-5

*Laganap na sa daigdig
ang kanilang mga tinig.*

Unang Pagbasa: Efeso 4:1-7, 11-13

Hinihingi ko sa inyo, ako na bilanggo alang-alang sa Panginoon, na kumilos kayo nang nararapat sa pagtawag sa inyo. Makita nawang lagi sa inyo ang kababaang-loob, kaamuan at malawak na pang-unawa.

Pagtiisan ninyo ang isa't isa sa pag-ibig at sikaping panatiliin ang pagkakaisa ng Espiritu sa buklod ng kapayapaan: iisang katawan at iisang espiritu dahil sa pagkatawag sa inyo; tinawag kayo sa iisang pag-asa. Iisang Panginoon, iisang pananampalataya, iisang binyag; iisang Diyos at Ama ng lahat, na nakapangyayari sa lahat at gumagawa sa lahat, at nasa lahat.

Binigyan naman tayo ng mga kaloob ayon sa gustong ibigay ni Kristo sa bawat isa sa atin.

Ginawa niyang mga apostol ang ilan, at mga propeta ang iba, at mga ebangelista ang iba pa, o tagapamahala o mga tagapagturo. Ganoon nga hinuhubog ang mga banal para sa paglilingkod at pagtatayo ng katawan ni Kristo, hanggang marating nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya at ng pagkakilala sa Anak ng Diyos, at marating ang Ganap na Tao, na ang nasa kaganapan nito ay ang kapuspusan ni Kristo.

Ebanghelyo: Mateo 9:9-13

Sa paglalakad ni Jesus, nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Mateo na nakaupo sa singilan ng buwis at sinabi niya rito: "Sumunod ka sa akin." At tumayo si Mateo at sinundan siya. At habang nasa hapag si Jesus sa bahay ni Mateo, maraming tagasingil ng buwis at iba pang makasalanang lumapit at nakisalo kay Jesus at sa kanyang mga alagad. Nang makita ito ng mga Pariseo, tinanong nila ang kanyang mga alagad: "Bakit kumakaing kasama ng mga makasalanang maniningil ng buwis ang inyong guro?"

Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya: "Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit! Sige, matutuhan sana ninyo ang kahulugan ng 'Awa ang gusto ko, hindi handog.' Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanang."

Pagmamasid

Paano ako nagpapakita ng awa sa aking kapwa?

Paghahawi

Paliwanag ni Jesus: "Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit! Sige, matutuhan sana ninyo ang kahulugan ng 'Awa ang gusto ko, hindi handog.' Hindi ako pumarito, para tawagin ang mabubuti, kundi ang mga makasalanang."

Pagtatabas

Paano ko nasusunod ang ginagagawa ni Jesus na nagpapakita ng awa sa maysakit at makasalanang tulad ko?

Pagsasaayos

Ayon sa ating Simbahan, walang sinuman ang napakalayo, upang hindi maabot ng awa ng Diyos. Para sa lahat ang kanyang awa at pagmamahal.

Sa Kapistahan ni San Mateo, inaalala natin ang isang makasalanang tinawag ni Jesus sa gitna ng kanyang trabaho bilang maniningil ng buwis—isang propesyon na kinamumuhian noon. Ngunit sa halip na husgahan, pinili ni Jesus na lapitan siya, kausapin, at isama sa Kanyang misyon.

Bilang Kristiyano, tinatawag tayong maging mapagmalasakit at maunawain sa kapwa. Sa halip na husgahan ang iba, piliin nating maging daan ng awa at pag-ibig ng Diyos sa kapwa sa panalangin, salita, at gawa. Maging bukas ang ating puso sa pagtanggap ng bawat tao.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong walang hanggang awa at habag. Tulungan Niyo kaming maging daluyan nito sa aming kapwa.

**IKA-25 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHON**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 119:1, 27, 30, 34, 35, 44
*Sa pagsunod sa utos mo, Poon,
pangunahan mo 'ko.*



Martes
22 SETYEMBRE

Unang Pagbasa:
Kasabihan 21:1-6, 10-13

Sa kamay ni Yawe, ang puso ng hari ay parang umaagos na tubig, naibabaling niya saanman naisin.

Sa tingin ng tao ay mabuti ang lahat niyang ginagawa, ngunit si Yawe ang tumitimbang sa puso.

Kay Yawe, ang mabuting gawa ay kalugud-lugod higit kaysa alinmang iba pang handog.

Matang mapanghamak, mayabang na puso – pawang kasalanan ang ilaw ng tampalasan!

Hahantong sa kasaganaan ang mga balak ng masipag, at papunta naman sa karukhaan ang mapusok.

Walang saysay ang pagyaman dahil sa pan-daraya; ang hantungan nito ay kamatayan.

Kasamaan lamang ang hangad ng tampalasan; hindi maliligtas sa kanya ang kanyang kapwa.

Kapag pinarusahan ang nanlilibak, dumurunong ang mangmang; kapag tinuruan ang matalino, umuunlad siya sa kaalaman.

Nagmamatyang ang Makatarungan sa bahay ng tampalasan at ibinubulid ito sa kapahamakan.

Ang nagbibingi-bingihan sa daing ng maralita ay daraing din at walang tutugon.

Ebanghelyo: Lucas 8:19-21

*P*inuntahan naman siya ng kanyang ina at mga kapatid pero hindi sila makalapit sa kanya dahil sa dami ng tao. May nagsabi sa kanya: "Nakatayo sa labas ang iyong ina at mga kapatid, at gusto kang makita." Sumagot siya at sinabi sa kanila: "Ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at nagsasagawa nito, sila ang aking ina at aking mga kapatid."

BIRTHDAY: Rev. Fr. Roy M. Maliglig

Pagmamaisid

Sinong mga kaibigan mo ang itinuturing mong kapamilya na rin?

Paghahawi

Sagot ni Jesus: "Ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at nagsasagawa nito, sila ang aking ina at aking mga kapatid."

Pagtatabas

Isa ba ako sa mga nakikinig at nagsasagawa ng Salita ng Diyos?

Pagsasaayos

Ang pagiging pamilya pinahihiwatig ng malapit na ugnayan sa kapwa. Itinuro ni Jesus na ang pagiging bahagi ng Kanyang pamilya, hindi lang batay sa dugo o pangalan, kundi sa ating pakikinig at pagsasagawa ng salita ng Diyos. Makikita ito sa ating katapatan at pagsasabuhay ng Kanyang mga utos at salita.

Ang Simbahan, itinatag ni Kristo upang maging pamilya ng Diyos, na binubuo ng lahat ng binyagan na nakikinig at sumusunod sa Kanyang salita. Mga anak tayo ng Ama at kapatid ni Jesus, kaya't maging bukas ang ating puso sa Kanilang mga aral at handang magsakripisyo para sa kapwa.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa pagkakataong maging bahagi ng Inyong pamilya. Patatagin Niyo ang aming pananampalataya, upang maging tunay kaming mga anak ng Ama at kapatid Niyo.



Unang Pagbasa: Kasabihan 30:5-9

Subok na ang bawat salita ng Diyos; kalasag siya sa mga dumudulog sa kanya. Huwag kang magdagdag sa kanyang mga salita, baka ka niya pagsabihan at ituring na sinungaling.

Dalawang bagay ang aking hinihiling sa iyo; huwag mo sanang ipagkait bago ako mamatay. Ilayo mo sa akin ang kabulaanan at kasinungalingan; huwag mo akong bigyan ng karalitaan o kayamanan; pagkalooban mo ako ng sapat lamang na pagkaing kailangang ko; baka ako mabundat at itakwil kita, at sabihing "Sino si Yawe?" o baka ako maghirap at magnakaw, at malapastangan ang pangalan ng aking Diyos.

Ebanghelyo: Lucas 9:1-6

Tinawag ni Jesus ang Labindalawa at binigyan sila ng lakas at kapangyarihan para supilin ang lahat ng demonyo at magpagaling ng mga sakit. Sinugo niya sila para ipahayag ang kaharian ng Diyos at magbigay-lunas.

Sinabi niya sa kanila: "Huwag kayong magdala ng anuman sa inyong paglakad, ni tungkod, ni supot, ni tinapay, ni salapi; huwag kayong magkaroon ng tigtalwang bihisan. Sa alinmang bahay kayo nakituloy, doon kayo tumigil hanggang sa pag-alis ninyo. Kung may hindi tatanggap sa inyo, umalis kayo sa bayang iyon at ipagpag ang alikabok sa inyong mga paa bilang sakdal laban sa kanila."

Kaya nga lumabas sila at dumaan sa lahat ng bayan na nangangaral at nagpapagaling saanman.

BIRTHDAY: Rev. Fr. Aldrin T. Lopez

SACERDOTAL ANNIVERSARY:

Rev. Fr. Oscar V. Lucas | Rev. Fr. Jerome U. Rosalinda

Most Rev. Roberto O. Gaa, D.D | Rev. Fr. Tristan Jasper D. Laforteza

PARISH FIESTA: St. Padre Pio Mission Area

Pagmamasid

Paano tayo tumutugon kapag tinatawag tayong maglingkod sa Diyos at sa ating kapwa?

Paghahawi

Sinugo ni Jesus ang labindalawang apostol, para ipahayag ang kaharian ng Diyos at magbigay-lunas... Lumabas sila at dumaan sa lahat ng bayan na nangangaral at nagpapagaling saanman.

Pagtatabas

Ako ba handang tumugon sa tawag ng Jesus na ipahayag ang kaharian ng Diyos at magbigay-lunas sa suliranin ng kapwa?

Pagsasaayos

Tinipon ni Jesus ang Labindalawa, binigyan sila ng kapangyarihan at utos: magpagaling, magturo, at ipahayag ang Kaharian ng Diyos. Hindi sila pinayagang magdala ng sobrang gamit—tanda ng pagtiwala sa Diyos at sa kabutihan ng mga taong kanilang paglilingkuran.

Tulad ng mga alagad, tinatawag din tayo ni Jesus na maglingkod ng may pananampalataya, kababaang-loob, at pagtiwala. Naging huwaran ng ganitong paglilingkod si San Pio ng Pietrelcina, simple, masakitin, ngunit bukas-palad sa panalangin, pagpapayo, at pagdamay sa mga naghihirap.

Pagdiriwang

Ama, bigyan Mo kami ng tapang at tiwala upang ipalaganap ang lyong salita saan man kami.

**IKA-25 LINGGO SA
KARANIWANG PANAHO**
Salteryo: Linggo 1 / (Luntian)

Salmo 90:3-4, 5-6, 12-13, 14 at 17bk
*Poon, amin kang tahanan noon,
ngayon at kailanman.*



Huwebes
24 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: Ecclesiastes 1:2-11

Walang katuturan ang lahat – sabi ng Guro – wala, walang katuturan!

Ano ang pakinabang ng tao sa lahat ng gawang pinaghirapan niya sa ilalim ng araw?

Nagsisialis at nagsisirating ang mga salinlahi, pero nananatili ang lupa magpakailanman. Sumisikat ang araw, lumulubog at nagmamadali patungo sa dakong muli niyang sikikatan. Umiihip patimog, bumabaling pahilaga, paikut-ikot lamang ang hangin, at muling umiihip pagkaraan ng mga pagpapaikut-ikot.

Patungo sa dagat ang lahat ng ilog, ngunit di napupuno ang dagat. Sa lugar na pinagmulan nagbabalik ang mga ilog.

Nakasasawa ang lahat ng salita, at nagwakas ang pananalita; ngunit kailanma'y di nasiyahan ang mata sa nakita nito o ang tainga sa narinig nito.

Mangyayari uli ang nangyari noong una; gagawin uli ang ginawa na noon – walang bago sa ilalim ng araw.

Sasabihin nila sa iyo: “Tingnan mo’t bago ito!” kahit na iyon ay mga dantaon na rin.

Hindi na nagugunita pa ang mga nauna, at ang mga darating ay hindi rin magugunita pa ng susunod sa kanila.

Ebanghelyo: Lucas 9:7-9

Nabalitaan naman ng tetrarkang si Herodes ang lahat ng pangyayaring ito at litung-lito siya dahil may nagsasabing nabuhay mula sa mga patay si Juan. Sinabi naman ng iba na nagpakita si Elias, at ng iba pa na isa sa mga propeta noon ang bumangon. At sinabi ni Herodes: “Pinapugutan ko si Juan; sino nga kaya itong nababalitaan kong gumagawa ng mga iyon?” Kaya sinikap niyang makita siya.

PARISH FIESTA: Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Mercy
DATE OF ESTABLISHMENT: 1856, Diocesan Shrine and Parish of Our Lady of Mercy

Pagmamaisid

Nalilito ba ako o natatakot kapag nahaharap sa katotohanan?

Paghahawi

Sabi ni Herodes: “Pinapugutan ko si Juan; sino nga kaya itong nababalitaan kong gumagawa ng mga iyon?”

Pagtatabas

Kapag nahaharap ako sa katotohanan na hindi ko lubos maunawaan, lumalapit sa Diyos?

Pagsasaayos

Nalito at natakot si Herodes sa mga balita tungkol kay Jesus. Bagaman narinig niya ang mga kamangha-manghang gawain ni Jesus, hindi pa rin niya Siya tunay na nakilala. Sa halip na buksan ang kanyang puso sa katotohanan, nanatili siyang naguguluhan at natatakot.

Harapin natin ang katotohanan hindi sa takot, kundi sa pananampalataya. Piliin natin ang magtiwala sa liwanag ng Diyos kaysa magtago sa pag-aalinlangan.

Sa linggong ito, tanggapin natin ang hamon na harapin ang mga katotohanang matagal na nating iniwasan. Hahayaan natin na ang liwanag ng Diyos ang gumabay sa ating mga pasya at pagbabalik-loob.

Pagdiriwang

Ama, alisin po Ninyo ang anumang takot at pagdududa namin, at palalimin ang aming pananampalataya, upang mas makilala Kayo namin.



Unang Pagbasa: Ecclesiastes 3:1-11

May panahon para sa lahat, at may panahon para sa bawat pangyayari sa ilalim ng langit: Panahon sa panganganak, panahon sa pagkamatay; panahon sa pagtatanim, panahon sa pagbunot.

Panahon sa pagpatay, panahon sa pagpapagaling; panahon sa paggiba, panahon sa pagtatayo. Panahon sa pag-iyak, panahon sa pagtawa; panahon sa pagluluksa, panahon sa pagsasayaw.

Panahon sa paghahagis ng bato, panahon sa pagtitipon ng mga bato; panahon sa pagyakap, panahon sa pagpipigil na yumakap. Panahon sa paghahanap, panahon sa pagkawala; panahon sa pagtatabi, panahon sa pagtatapon.

Panahon sa pagpunit, panahon sa pananahi; panahon sa pananahimik, panahon sa pagsasalita. Panahon sa pag-ibig, panahon sa pagkamuhí; panahon sa digmaan, panahon sa kapayapaan.

Ano ang pakinabang ng tao sa lahat niyang pagpapakahirap?

Sa wakas, isinaalang-alang ko ang gawaing bigay ng Diyos sa mga anak ng tao. Bawat isa'y ginawa niya ayon sa panahon nito, ngunit inilagay din niya ang kawalang-hanggan sa kanilang mga puso bagamat hindi mauunawaan ng tao ang gawa ng Diyos mula sa simula hanggang sa wakas.

Ebanghelyo: Lucas 9:18-22

Minsan, mag-isang nagdarasal si Jesus at naroon din ang mga alagad. Tinanong niya sila: "Sino raw ako ayon sa sabi ng mga tao?" Sumagot sila: "Si Juan Bautista raw; may iba namang nagsasabing ikaw si Elias at may iba pang nagsasabi na isang propeta noong una ang nabuhay."

At sinabi ni Jesus sa kanila: "Ano naman ang sinasabi ninyo kung sino ako?" Sumagot si Pedro: "Ang Mesiyas ng Diyos." At inutusan sila ni Jesus na huwag sabihin ito kaninuman.

Sinabi nga ni Jesus: "Kailangang magtiis ng marami ang Anak ng Tao. Itatakwil nga siya ng mga Matatanda ng bayan, ng mga punong-pari at ng mga guro ng Batas. Papatayin siya at muling babangon sa ikatlong araw."

Pagmamasisid

Nakikilala ko ba si Jesus sa gitna ng aking mga karanasan, o nananatili Siyang malayo at hindi lubos na nauunawaan?

Paghahawi

Nang tanungin ni Jesus ang kanyang mga alagad kung sino Siya, may sumagot na Siya si Juan Bautista, Elias, o isang propeta. Sumagot ng tama si Pedro: Ang Mesiyas ng Diyos.

Pagtatabas

May mga bahagi ba ng aking puso na kailangang linisin mga pagdududa, takot, o pag-aalinlangan upang lubos kong makilala si Hesus bilang Mesiyas?

Pagsasaayos

Isang taimtim na paanyaya ang tanong ni Jesus: "Sino Ako para sa inyo?" Hindi ito tanong ng impormasyon, kundi paanyaya sa personal na ugnayan. Inaanyayahan tayong kilalanin Siya hindi lamang batay sa turo, kundi sa mismong karanasan natin sa Kanya—sa mga sandali ng panalangin, pagdurusa, tagumpay, at pag-asa.

Maaaring nagbago ang pagkilala natin sa Kanya sa paglipas ng panahon—mula sa simpleng pananampalataya ng ating kabataan, patungo sa mas malalim na pag-unawa sa ating pagtanda. Ngunit sa bawat yugto ng buhay, nananatiling tapat ang Simbahan sa pagkilala kay Jesus bilang Mesiyas at Tagapagligtas ng sangkatauhan.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa pagsugo Mo sa Bugtong Mong Anak sa lupa, na nag-alay ng Kanyang buhay para sa kaligtasan naming lahat.

IKa-25 LINGGO SA KARANIWANG PANAHON

Salteryo: Linggo 1 / (Luntian/
Pula/Puti)

*Mahal na Birheng Maria /
San Cosme at San Damian*

Salmo 90:3-4, 5-6, 12-13, 14 at 17

Poon, amin kang tahanan noon, ngayon at kailanman.



Sabado
26 SETYEMBRE

Unang Pagbasa: **Eclesiastes 11:9—12:8**

Magsaya ka, binata, sa iyong kabataan, at nawa'y bigyan ka ng ligaya ng iyong puso habang bata ka pa; sundin ang gusto mo at tuparin ang iyong mga pangarap ngunit alalahaning hahatulan ng Diyos ang lahat ng ginagawa mo. Itaboy ang lungkot na galing sa puso mo at ang kirot na galing sa laman mo, sapagkat di magtatagal ang kabataan at ang itim na buhok.

Alalahanin ang Lumikha sa iyo habang bata ka pa, bago dumating ang panahon ng kalungkutan kung kailan sasabihin mong: "Wala itong kasiyahang naidulot sa akin," at bago mawalan ng liwanag ang araw, buwan at mga bituin, bago magtipong muli ang mga ulap pagkaulan.

Sa araw ng pangininginig ng mga tagapag-ingat ng bahay, kapag yumuko ang mga mandirigma at huminto sa paggawa ang mga nasa gilingan dahil sa iilan na lamang sila, kapag naging takipsilim para sa mga nakasungaw sa bintana at sarado ang mga pinto at humina ang ingay ng gilingan, huminto sa paghuni ang langay-langayan at napipi ang awit ng ibon,

kapag nakakatakot ang mga dalisdis at ang paglakad doon, sa kabila ng pamumulaklak ng mga punong almendro at pagtaba ng mga kuliglig at pamumunga ng mga alkapara na wala namang saysay, sapagkat patungo na ang tao sa kanyang walang-hanggang tahanan at natitipon sa kalye ang mga tagapagluksa, bago mapatid ang pilak na kadena at mabasag ang gintong lampara, bago mawasak ang timba sa balon o ang gulong sa gilingan, bago bumalik ang alikabok sa pinagmulang lupa at ang hininga naman sa Diyos na nagkaloob niyon.

Walang kuwenta, walang kuwenta! Nagsasalita ang Guro: walang kuwenta ang lahat!

Ebanghelyo: Lucas 9:43b-45

Lubos na namangha ang lahat dahil sa kadakilaan ng Diyos.

Nang lubos na nagtataka ang lahat dahil sa mga ginagawa ni Jesus, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: "Itanim ninyong mabuti sa inyong pandinig ang mga kataga kong ito: ibibigay ang Anak ng Tao sa kamay ng mga tao." Hindi nila naintindihan ang pahayag na ito at nalingid ito sa kanila upang hindi nila maunawaan. At takot naman silang magtanong sa kanya tungkol sa pahayag na ito.

DATE OF ESTABLISHMENT: 1994, Jesus Lord of the Divine Mercy Parish-Hobart

Pagmamaisid

May pagkakataon ba na takot tayong magtanong ng kahulugan nang sinabi ng ating kapwa?

Paghahawi

Pahayag ni Jesus: "Itanim ninyong mabuti sa inyong pandinig ang mga kataga kong ito: ibibigay ang Anak ng Tao sa kamay ng mga tao." Hindi nila naintindihan ang pahayag, at takot silang magtanong sa Kanya tungkol dito.

Pagtatabas

Kapag hindi ko maunawaan ang pahayag ni Jesus, natatakot ba akong magtanong sa may alam, o matinding nababahala ba ako na hindi ko maintindihan ang sinabi Niya?

Pagsasaayos

Hindi lubos na maintindihan ng mga alagad ang sinabi ni Jesus, ang Anak ng Tao, tungkol sa mga mangyayari sa Kanya. Natakot silang magtanong, lalo't sinabi Niya na mismong ang mga tao sa Israel ang sisigaw ng hatol laban sa Kanya. Ipinapakita nito na hindi laging may kasamang ganap na pag unawa ang pananampalataya. Sa halip, dapat itong idulog sa Diyos—ang ating mga tanong, pag-aalinlangan, at pagkalito—upang Kanyang bigyan ng kaliwanagan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, tulungan Niyo kaming maunawaan at magtiwala sa Inyong mga salita.

Mabubuhay siya at hindi mamamatay sapagkat binuksan niya ang kanyang mga mata at tinalikdan ang lahat niyang pagkakasala.

Kung puwede ko kayong pangaralan sa ngalan ni Kristo at makikinig kayo sa pagpapayo ng pag-ibig; kung magkasalo tayo sa iisang Espiritu at taglay ninyo ang kabaitan at habag, pasayahin ninyo ako. Magkasundo kayo sa iisang pag-ibig at

hangarin ninyo ang iisang layunin. Huwag kayong padala sa pagtatalo o kayabangan, kundi maging mapagpakumbaba nawa ang bawat isa at pahalagahan ang iba nang higit pa kaysa sarili. Huwag hanapin ng isa't isa ang ikabubuti ng sarili lamang kundi ang ikabubuti rin ng iba. Tularan ninyo ang saloobin ni Kristo Jesus.

Nasa katayuan siya ng Diyos kaya hindi niya inambisyonang makapantay ang Diyos. Sa halip sinaid pa ang sarili sa pag-aanyo niyang alipin at sa pagiging tulad ng mga tao: nataqpuan nga siyang kamukha ng tao.

Nagpakababa siya at naging masunurin hanggang kamatayan, hanggang kamatayan sa krus. Dahil dito itinampok siya ng Diyos at binigyan ng Pangalang mataas pa sa alinmang pangalan *upang paluhod na sumamba ang lahat* sa Pangalan ni Jesus sa kalangitan, sa lupa at sa kailaliman at *ipahayag ng tanang dila na Panginoon* si Kristo Jesus para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama.

Ebanghelyo: Mateo 21:28-32

Nagpatuloy si Jesus: “Ano sa palagay ninyo? May dalawang anak ang isang tao. Lumapit siya sa isa at sinabi: ‘Anak, pumunta ka ngayon at magtrabaho sa aking ubasan.’ Sumagot ang anak: ‘Ayoko.’ Ngunit pagkatapos ay nagbagong-isip siya at pumunta. Pinuntahan din ng ama ang pangalawang anak at gayundin ang sinabi. Sumagot naman ang anak: ‘Opo.’ Pero hindi siya pumunta.”

At itinanong ni Jesus: “Sino sa dalawang anak ang tumupad sa gusto ng ama?” Sumagot sila: “Ang una.” At sinabi ni Jesus: “Talagang sinasabi ko sa inyo: mas nauuna sa inyo patungo sa kaharian ng Langit ang mga publikano at mga babaeng bayaran. Dumating nga si Juan para ipakita sa inyo ang daan ng kabutihan pero hindi kayo naniwala sa kanya, samantalang naniwala naman ang mga publikano at mga babaeng bayaran. Nakita ninyo ito at hindi kayo nagsisi o naniwala sa kanya.



“Talagang sinasabi ko sa inyo: mas nauuna sa inyo patungo sa kaharian ng Langit ang mga publikano at mga babaeng bayaran.”

PARISH FIESTA: Santuario de San Vicente de Paul Parish and Shrine of the Poor

Pagmamasid

May pangako ba ako sa Diyos di hindi ko tinupad?

Paghahawi

Tanong ni Jesus tungkol sa Kanyang talinghaga: “Sino sa dalawang anak ang tumupad sa gusto ng ama?”

Pagtatabas

Tumutupad ba ko sa kalooban ng Ama, o puro salita lamang ang aking pananampalataya?

Pagsasaayos

Nagpapaalala sa atin ang talinghaga ng dalawang anak, nakikita sa gawa, ang tunay na pagsunod sa Diyos, at hindi lang sa ating mga salita. Ang unang anak tumanggi sa simula, ngunit nagbago ang isip at sumunod sa ama. Ang pangalawang anak, sumang-ayon sa simula, ngunit hindi tinupad ang sinabi.

Maaaring mabilis tayong magsabi ng “Oo” sa kasamaan, ngunit tinalikuran ito. Pinakamaganda ang magsabi ng “Opo” sa kabutihan, at ginawa ito. Tinatawag tayo ni Jesus na maging tulad ng unang anak na marunong magsisi at magbalik-loob, kahit nagkamali sa simula. Huwag nating hayaan ang ating kahinaan o pagkakamali na maging hadlang sa ating paglapit sa Diyos.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa Inyong walang sawang awa at pagtanggap sa aming pagbabalik-loob. Tulungan Niyo kaming maging masunurin sa Inyong kalooban, hindi lang sa salita.



KAPISTAHAN NI SAN LORENZO RUIZ
 Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Pula)

Salmo 17:1bkd, 2-3, 6-7
*Daing ko'y'yong dinirinig
 tuwing ako'y humihibik.*

Unang Pagbasa: Job 1:6-22*

(...) Isang araw, habang nagsasalu-salo ang kanyang mga anak sa bahay ng kanilang kuya, pumunta kay Job ang isa niyang tauhan at sinabing "Nag-aararo ang iyong mga baka at nangisinginain naman sa malapit ang iyong mga asno nang dumating ang mga Sabeo. Tinangay nila ang iyong mga baka at asno, at pinatay ang iyong mga alila. Ako lang ang nakatakas para magbalita sa iyo."

Nagsasalita pa ang tauhan nang may isa pang dumating – "Tinamaan ng kidlat ang iyong mga tupa't mga pastol at naubos. Ako lang ang nakatakas para magbalita."

Halos hindi pa ito natatapos magsalita nang isa na namang tauhan ang dumating – "Sinalakay ng tatlong pangkat ng mga Kaldeo ang iyong mga kamelyo at tinangay. Pinatay rin nila ang iyong mga alipin at ako lang ang nakatakas para magbalita."

Nagsasalita pa siya nang dumating ang iba pa at ibinalita kay Job: "Nagkakainan at nag-iinuman ang iyong mga anak sa bahay ng panganay nilang kapatid nang biglang umihip ang napakalakas na hangin mula sa disyerto. Hinampas ang bahay, at nagiba iyon at namatay ang lahat ng naroon. Ako lang ang nakatakas para magbalita."

Tumindig si Job; pinunit niya ang kanyang damit at inahit ang ulo. Dumapa siya sa lupa at sumamba. Sinabi niya: "Hubad akong galing sa sinapupunan ng aking ina, hubad din akong babalik. Si Yawe ang nagbigay, si Yawe ang mag-aalis. Purihin ang kanyang pangalan!"

Sa kabila ng kalamidad na ito, hindi nagkasa si Job ng paninisi sa Diyos sa paggawa sa kanya ng masama.

Ebanghelyo: Lucas 9:46-50

Nangyari na ikinabahala nila kung sino nga kaya sa kanila ang pinakadakila. Alam ni Jesus ang pinagtatalunan nila sa kanilang isipan kaya kumuha siya ng isang bata at pinatayo sa tabi niya. At sinabi niya sa kanila: "Ang tumatanggap sa batang ito sa ngalan ko ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin. At isa pa: ang matagpuang pinakamaliit sa inyong lahat ang siyang dakila."

At nagsalita si Juan: "Guro, may nakita kaming nagpapalayas ng mga demonyo sa ngalan mo. Pero pinagbawalan namin siya dahil hindi siya sumusunod na kasama namin." Ngunit sinabi ni Jesus sa kanya: "Huwag ninyo siyang pagbawalan dahil panig sa inyo ang hindi laban sa inyo."

BIRTHDAY: Rev. Fr. John Harvey D. Bagos
PARISH FIESTA: San Lorenzo Ruiz Parish

Pagmamasiid

Pinag-usapan niyo na bang magkakaibigan, kung sino ang pinakadakilang tao para sa inyo?

Paghahawi

Pahayag ni Jesus: "Ang matagpuang pinakamaliit sa inyong lahat, ang siyang dakila."

Pagtatabas

Bakit ang pinakamaliit sa ating lahat ang siyang dakila?

Pagsasaayos

Itinuturo ni Jesus na ang kahulugan ng kadakilaan sa kaharian ng Diyos, hindi nakabatay sa katungkulan o kapangyarihan, kundi sa kababaang-loob o pinakamaliit na mabuting tao. Ang pagtanggap sa isang bata, itinuturing na pinakamababa sa lipunan, tanda ng kababaang-loob at pagmamalasakit. Ang kababaang-loob ang batayan ng tunay na kadakilaan sa harap ng Diyos. Sumasalungat Siya sa palalo, ngunit nagbibigay ng biyaya sa mapagpakumbaba.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa Inyong halimbawa ng kababaang-loob at pagmamalasakit. Tulungan Niyo kaming dakilain ang pinakamaliit o nasa laylayan ng lipunan.

**KAPISTAHAN NINA SAN MIGUEL,
SAN GABRIEL AT SAN RAFAEL,
MGA ARKANGHEL**

Salteryo: Hanay ng mga Banal / (Puti)

Salmo 138:1-2ab, 2kde-3, 4-5

*Poon, kita'y pupurihin
sa harap ng mga anghel.*



Martes
29 SETYEMBRE

**Unang Pagbasa: Daniel 7:9-10, 13-14
(o Pagbubunyag 12:7-12a)**

Habang ako'y nagmamasid, may mga luklukang inilagay, at naupo ang Isang Matandang-matanda. Simputi ng niyebe ang kanyang damit, simbusilak ng maputing lana ang kanyang buhok. Mga liyab ng apoy ang kanyang luklukang may mga gulung na naglalagablab. Isang ilog na apoy ang bumukal at umagos sa kanyang harapan. Libu-libo ang naglilingkod sa kanya at di-mabilang ang nangakatayo sa kanyang harapan.

Nagsiupo ang mga kabilang sa hukuman at binuksan ang mga aklat.

Nagpatuloy ang pangitain. Isang tulad ng anak ng tao ang nakita kong sakay ng ulap. Lumapit siya sa Matandang-matanda, at siya'y pinagkalooban ng kapangyarihan, karangalan at kaharian. Pinaglingkuran siya ng lahat ng tao sa bawat bayan, bansa at wika. Walang hanggan ang kanyang kapangyarihan at hindi kailanman lilipas; hindi kailanman mawawasak ang kanyang kaharian.

Ebanghelyo: Juan 1:47-51

Nakita ni Jesus si Natanael na palapit sa kanya at sinabi niya tungkol sa kanya: "Hayan, isang totooong Israelitang walang pagkukunwari." Sinabi sa kanya ni Natanael: "Paano mo ako nakilala?" Sumagot sa kanya si Jesus: "Bago ka pa man tawagin ni Felipe, habang nasa ilalim ka ng punong-igos, nakita na kita."

Sumagot si Natanael: "Rabbi, ikaw ang Anak ng Diyos, ikaw ang Hari ng Israel." Sumagot si Jesus: Sinabi ko lang sa iyong nakita kita sa ilalim ng punong-igos, at naniniwala ka na? Higit pa sa mga ito ang makikita mo."

At idinugtong ni Jesus: "Talagang-talagang sinasabi ko sa inyo, makikita ninyong bukas na ang langit at panhik-panaog sa Anak ng Tao ang mga anghel ng Diyos."

PARISH FIESTA: St. Michael, The Archangel Parish

Pagmamasid

Mula nang bata ka, sino ang nagbabantay para malayo ka sa kapahamakan?

Paghahawi

Dugtong ni Jesus: "Makikita ninyong bukas na ang langit, at panhik-panaog sa Anak ng Tao ang mga anghel ng Diyos."

Pagtatabas

Naramdaman ko ba ang presensya at pagmamahal ng anghel ng Diyos sa aking buhay?

Pagsasaayos

Isinugo ng Ama ang Kanyang kinalulugdan at masunuring Anak na si Jesus upang iligtas tayong lahat. Sa Kanyang misyon sa lupa, hindi Siya iniwan ng Langit. Ang mga anghel, panhik-panaog sa Kanya, tanda ng patuloy na pag-aalaga ng Ama. Inilayo Siya sa kapahamakan, maliban sa Krus ang dakilang sakripisyong ayon sa plano ng kaligtasan.

Sa kapistahan ng mga Arkanghel, inaalala natin ang mga tagapagdala ng mensahe, tagapagtanggol, at taga gabay ng Diyos. Sa Ebanghelyo, nakita ni Jesus si Natanael at kinilala ang kanyang puso. Tulad ni Natanael, tinatawag tayong maging bukas sa pagkilos ng Diyos sa mga mensaheng dumarating sa tahimik na panalangin, sa mga taong nagpapalakas ng loob, at sa mga pagkakataong tayo'y tinutulungan sa gitna ng kahinaan.

Pagdiriwang

Ama, salamat sa mga anghel Niyo na nag-aruga sa Panginoong Jesus at patuloy na naglalayo sa amin sa kapahamakan.



Unang Pagbasa: Job 9:1-12, 14-16

Ebanghelyo: Lucas 9:57-62

Habang naglalakad sila, may nagsabi kay Jesus: "Susunod ako sa iyo saan ka man pumunta." At sinabi sa kanya ni Jesus: "May lungga ang mga asong-gubat at may mga pugad ang mga ibon; ang Anak ng Tao nama'y wala man lang mahiligan ng kanyang ulo." At sinabi naman niya sa isa: "Sumunod ka sa akin." Sumagot naman ito: "Pauwiin mo ako para mailibing ko muna ang aking ama."

Ngunit sinabi sa kanya ni Jesus: "Hayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang mga patay; humayo ka naman at ipangaral ang kaharian ng Diyos." Sinabi naman ng isa pa: "Susunod ako sa iyo, Panginoon pero pauwiin mo muna ako para makapagpaalam sa aking mga kasambahay." Sinabi sa kanya ni Jesus: "Hindi bagay sa kaharian ng Diyos ang humahawak ng araro at pagkatapos ay lumilingon sa likuran."

Pagmamasiid

May kakilala ba kayo na piniling sundan ang tawag ng misyon, kahit nangangahulugang iwan ang pamilya o karaniwang takbo ng buhay?

Paghahawi

Wika ni Jesus: "Hindi bagay sa kaharian ng Diyos ang humahawak ng araro, at pagkatapos, lumilingon sa likuran."

Pagtatabas

Ano ang aking mga iniwan upang paglingkuran ang Diyos ng buong puso?

Pagsasaayos

Taos-pusong paglilingkod ang hinihingi sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita at sa pagtulong sa kapwa, lalo na sa mga higit na nangangailangan. Tulad ng mga pari at relihiyoso, may mga tagasunod ni Kristo na pumipili ng landas ng misyon, kahit nangangahulugang iwan ang pamilya at dating hanapbuhay. Sa kanilang sakripisyo, mas maraming tao ang nakakaranas ng pagmamahal ni Jesus at ng Diyos Ama.

Hindi kinakalimutan ng Diyos ang mga mahal sa buhay na pansamantalang naiiwan. Sa halip, binibigyan ng pagkakataon ang mga lingkod ng Simbahan na makadalaw at makipag-ugnayan sa kanilang pamilya, isang konkretong tanda ng patuloy na pagmamalasakit at pagkakaugnay sa pinagmulan.

Pagdiriwang

Panginoong Jesus, salamat sa Inyong walang sawang paanyaya na sumunod sa Inyo. Bigyan Niyo kami ng tapang na bitawan ang mga bagay na humahadlang sa aming buong-pusong pagsunod sa Inyo. Patatagin Niyo ang aming pananampalataya, upang hindi kami matuksong lumington sa nakaraan.